

# VN

VALENZUELA NGAYON
Ang Magasin ng Makabagong Valenzuelano

LIBRE
Taon 8 Blg. 2
Hunyo 2014

LIBRENG DVD SA LOOB

# ABUTIN NATIN

## 5 Haligi ng Mabuting Pamamahala na Sisiguro sa Mas Matatag na Valenzuela


06 Pinakamalaking School Construction


10 World Class Health Stations


14 Bagong Pabahay para sa halos 4,000 Pamilya sa Tullahan


22 Automated Building Permits Application

# Mga Nilalaman

PAHINA

**03 Punong Lungsod**
Haligi ng Simula, Tibay ng Bukas
*Mayor REX Gatchalian*

**04 Bidang Kwento**
**Abutin Natin: Ang 5 Haligi ng Mabuting Pamamahala**
05 Edukasyon
10 Kalusugan at Kagalingang Pantao
14 Pabahay
18 Trabaho
22 Kalakalan at Industriya

**26 Sari-sari**
Mga Kwentong Natatangi

**36 Ang Konseho**
Mga Programa at Ordinansa ng mga Konsehal ng Bayan

**40 WINTayo sa Kongreso**
Proyekto at Adbokasiya
*Congressman WIN Gatchalian*

**41 Usapang Ligal**
Walang Panalo sa Pekeng Titulo

**41 Tinig-Mamamayan**
Mga Pinakamalaking Pagbabago sa Lungsod

**42 Boses Ninyo sa Kongreso**
Mga Panukala at Serbisyong Da Best
*Congressman WES Gatchalian*

**43 Ang Taumbayan**
Selfie-sh




**PABALAT**
*Dalawang mag-aaral ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) na sumubok sa kauna-unahang LGU-operated job-matching website, ang www.ValenzuelaTrabaho.gov.ph.*
*Si Nicole Karen Timbol at Levin Reyes Carla ay kapwa magtatapos sa kursong Bachelor of Arts in Communication Studies sa susunod na taon.*

*Publisher* **City Government of Valenzuela**
*City Mayor* **Mayor REX Gatchalian**
*Public Information Officer* **Ahna F. Mejia**


*Editor-in-Chief* **Mark Lester S. Cayabyab**
*Associate Researchers and Writers* **Beng S. Bautista, Michael L. Sangil**
*Contributing Researchers* **Rafael C. Cañete, Liezel N. Fulgencio**
*Illustrator* **Jonathan F. Joves**
*Circulation* **Clairidy C. Pinto**
*Art and Design Director* **Joel A. Soriano**

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon Magasin** ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa 3rd floor, Executive Building, Valenzuela City Hall, MacArthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City.
May karapatang sipi ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela

valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
(02) 352-1000 local 1102
(02) 292-9168

# PUNONG LUNGSOD

## HALIGI NG SIMULA, TIBAY NG BUKAS



Tunay na mapalad ang aking pananaw sa mga taong nabibigyan ng pagkakataong makapaglingkod sa isang bayang maunlad, may disiplina at pagkakaisa sa pagitan ng mamamayan at pamahalaan.

Itinuturing kong nabibilang ako sa mga mapapalad na lingkod ng bayan dahil sa aking nararamdaman, nakikita at nararanasan sa loob pa lamang ng siyam na buwang ako'y naglilingkod sa inyo bilang punong lungsod.

Sa maigsing panahong aking nabanggit, maipagmamalaki ko po sa inyong agad kong inumpisahan ang mga sariling proyekto, ipinagpatuloy ang mga kapaki-pakinabang, hinigitan ang mga narating at patuloy pang lalampasan ang mga inaning tagumpay ng ating pamahalaang lungsod.

Sa unang araw pa lamang ng aking paglilingkod, inihain ko at tinutukan ang *5 Haligi ng Mabuting Pamamahala* sa ating lungsod. Naniniwala akong ang Edukasyon, Kalusugan at Kagalingang Pantao, Trabaho, Pabahay at Kalakalan at Industriya ang mga dapat pagtuunan ng pansin na siyang pangunahing suliranin at pangangailangan ng mamamayan.

Sa mga unang hakbang pa lamang ng pagpapaabot sa inyo ng mga serbisyong nakapaloob dito, lubhang napatunayan nang ito'y naramdaman at kasalukuyan nang pinakikinabangan ng nakararami.

Sa kasalukuyang pagpapatupad ng mga programang ito, hayaan ninyong iparating at ipakita sa inyo sa pamamagitan ng babasahing ito, ang sukli ng pamahalaang lungsod sa inyong aktibong pakikiisa at malasakit sa ating bayan na siyang nagiging inspirasyon ng inyong lingkod sa paghahain sa inyo ng mga kapaki-pakinabang na programa.

Sa pagiging modelo ng ating pamahalaang lungsod sa iba pang pamahalaan sa buong bansa, maipagmamalaki nating ang ating mga serbisyo, kalakalan at sistema ay hindi limitado lamang sa loob ng Lungsod ng Valenzuela, kundi napakikinabangan na rin ng ating mga kapatid na lokal na pamahalaan mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

Masigasig na simula, tuluy-tuloy na serbisyo para sa handa at matalinong kabataan, malusog na pangangatawan, hanapbuhay na maaasahan, disenteng tirahan, mga makabagong teknolohiya at mabilis na kalakalan.

Mga mahal kong Valenzuelano, sama-sama nating abutin ang mithiin ng ating lungsod tungo sa tagumpay ng isang matatag at maunlad na Valenzuela.

Mayor REX Gatchalian
Lungsod ng Valenzuela














Taumbayan na mismo ang nagsasabi na malaki na ang ipinagbago ng lungsod. Sa pagsisimula ng panunungkulan ni Mayor REX Gatchalian bilang pangunahing lider ng Valenzuela City, inihain nya ang kanyang plataporma na sumesentro sa mas pinaigting at mas pinalawak na serbisyo publiko at pamamahala ng lungsod ng 600,000 Valenzuelano.

Narito ang mga haligi ng pag-aksyon ng pamahalaang lokal para maabot natin ang mas matatag na Valenzuela.

## ABUTIN NATIN 5 HALIGI NG MABUTING PAMAMAHALA

- EDUKASYON
- KALUSUGAN AT KAGALINGANG PANTAO
- TRABAHO
- PABAHAY
- KALAKALAN AT INDUSTRIYA



# Edukasyon

## Paglinang ng kaalaman, puhunan sa magandang kinabukasan

Ni Beng S. Bautista

Tunay na yaman ang talino, kakayahan at laman ng kaisipan ng bawa't isa lalo na sa kabataan. Ang lahat ng ito ay hinuhugot sa edukasyon kung kaya ito ay pinagtuunan ng pansin ng pamahalaang lungsod at ipinaloob sa ***5 Haligi ng Mabuting Pamamahala*** nito.

### 360° INVESTMENT PLAN




Masasabi nating matibay ang pundasyon na ating itatanim sa isang mag-aaral kung ito ay may kumpletong sangkap. Aanhin ang magagandang pasilidad kung walang sapat na kagamitan kagaya ng mga aklat. Hindi lubos na mauunawaan ang naggagandahang aklat kung kumakalam ang sikmura. Aanhin ang pinataas na antas na kurikulum kung hindi maituturo ng maayos ng mga guro. Walang bisa ang husay ng mga guro kung walang gabay ng mga magulang sa tahanan. Walang saysay ang lahat kung nagsisiksikan ang mga estudyante sa loob ng isang maliit na silid-aralan. Ang lahat ng sangkap na ito ay pinagsama-samang ibinuhos ng lokal na pamahalaan upang makahubog ng matibay na pundasyon sa pagbuo ng mga mag-aaral na handang humarap sa makabagong lipunan.

# Pinakamalaking sabay-sabay na pagpapatayo ng mga paaralan sa Valenzuela




Classroom


Biology


General Science

## VALENZUELA CITY SCHOOL OF MATHEMATICS AND SCIENCE (VCSMS)

***Inaasahang matatapos sa Hulyo 2014***

*3 palapag, **24** klasrum; total land area: **1,776.78 sq. m.***

Mula sa dating pangalan na Valenzuela City Science High School (ValSci), ipinasya ng pamahalaang lokal sa tulong ng Sangguniang Panlungsod na mas palakasin pa ang kurikulum nito na mas tutugon sa hamon ng nagbabagong panahon. Dito na isisilang ang bagong Valenzuela City School of Mathematics and Science sa bagong kampus nito sa Brgy. Malinta. Kumpleto sa makabagong pasilidad gaya ng mga laboratoryo na angkop para sa mas komprehensibong pag-aaral ng mga piling-piling mag-aaral nito. Sa "crown jewel" na ito ng lungsod pagdating sa sektor ng edukasyon, inaasahang dito mahahasa ang mga kabataang Valenzuelano na maging katangi-tanging mamamayang ng lungsod sa hinaharap. Isa ito sa ilang paaralan sa Metro Manila na may pinakamalaking bilang ng mag-aaral na nakakapasok sa University of the Philippines taon-taon.


Storage Room


Collaborative Room


Math Laboratory


Speech Laboratory


*Sina Education Sec. Armin Luistro at Mayor REX Gatchalian sa groundbreaking ng VCSMS.*



Groundbreaking ng **VCSMS**, Enero 28, 2014, Barangay Malinta. Dito inanunsyo ni Mayor REX Gatchalian ang kanyang **2014 Education Action Plan** na personal na pinuri ni **DepEd Secretary Armin Luistro** sa kanyang pagdalo dito.


*Ang ongoing construction ng Valenzuela City School of Mathematics and Science sa A. Pablo St., Brgy. Malinta. Nakatakda ang pagbubukas nito sa darating na Hulyo ngayong taon.*



### MALANDAY NATIONAL HIGH SCHOOL

***Inaasahang matatapos sa Oktubre 2014***

*4 palapag, **24** silid aralan*
*Total land area: **5,000 sq. m.***
*Partial: **12 silid aralan / 2 palapag***



### ANTONIO SERAPIO ELEMENTARY SCHOOL
(GEN.T. DE LEON - UGONG BOUNDARY)

***Inaasahang matatapos sa Agosto 2014***

*3 palapag, **30** silid aralan*
*Total land area: **7,013 sq. m.***

### MAPULANG LUPA ELEMENTARY SCHOOL

***Inaasahang matatapos sa Hulyo 2014***

*3 palapag, **27** silid aralan*
*Total land area: **4,000 sq. m.***
*Partial: **6 silid aralan***





### MALINTA NATIONAL HIGH SCHOOL

***Inaasahang matatapos sa Hulyo 2014***

*4 palapag, **48** silid aralan*
*Total land area: **4,000 sq. m.***
*Partial: **16 silid aralan / 4 palapag***



### SITERO FRANCISCO MEMORIAL NATIONAL HIGH SCHOOL
(BARANGAY UGONG)

***Inaasahang matatapos sa Agosto 2014***

*4 palapag, **44** silid aralan*
*Total land area: **7,526 sq. m.***
*Partial: **12 silid aralan***

*Source: City Engineering Office*

**₱300M** badyet

**3.35** ektaryang lupain

**201** bagong silid-aralan kasama ang mga laboratoryo

**5** campus

**1** modern Math and Science High School

Sa tulong ng Sangguniang Panlungsod, na-expropriate, ang lupa, napondohan ang buong proyekto, naumpisahan ang konstruksyon, naisakatuparan ang lahat sa loob lamang ng anim na buwan. Ito ang pinakamalaking sabay-sabay na pagpapatayo ng mga paaralan para sa high school at elementary sa buong history ng Valenzuela City.

**"Walang imposible pag pinagtulung-tulungan. All in six months, ang tawag po diyan, political will."**
*- Mayor REX Gatchalian*

# Kasama na ang mga chikiting sa K to 6 In-School Feeding Program



*Bahagi ng programang K-6 In-school Feeding Program ang mga volunteer nanay sa A. Fernando Elementary School, gaya ng nasa larawan, Pebrero 2014.*

Taong 2012, matatandaang naglunsad si dating Mayor Sherwin Gatchalian na ngayo'y kinatawan ng unang distrito ng lungsod ng malawakang K to 6 In-School Feeding Program upang maibaba ang insidente ng malnutrisyon sa mga bata at upang maging mas aktibo ang mga ito sa kanilang pag-aaral. Nagsanib-pwersa ang pamahalaang lokal, Ateneo de Manila Center for Educational Development (ACED) at mga nanay volunteers mula sa WIN Mothers Club para magbigay ng masusustansyang tanghalian araw-araw sa mga bata mula kinder hanggang Grade 6 sa 39 pampublikong paaralan sa buong Valenzuela City.

Sa kasalukuyang pagseserbisyo naman ni Mayor REX bilang punong lungsod, hindi siya nasiyahan na ituloy lamang ang matagumpay na programa. Pinalawak pa niya ito sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga benepisyaryo nang kanyang isama sa programa ang mga batang day care sa Chikiting Food Patrol. "Sadyang ipinaloob ko sa programang 360º Investment Plan ang feeding program dahil naniniwala akong mas makauunawa sa leksyon ang batang busog",ayon sa punong lungsod. Ipinahayag din ng alkalde na layon nitong maging zero-malnutrition sa Valenzuela.



Mayor REX kasama ang mga batang day care.




Mula Central Kitchen, inihahatid ng Chikiting Food Patrol ang mga pagkain sa bawat paaralan.



*Ang Central Kitchen na nasa Barangay Malinta kung saan niluluto ang mga masusustansyang pagkain para sa mga bata. Ang mga recipe na ginagamit dito ay mula pa sa Nutrition Center ng Department of Education at Food and Nutrition Research Institute (FNRI) of the Department of Science and Technology (DOST).*

| BILANG NG MGA BENEPISYARYO NG FEEDING PROGRAM | |
|---|---|
| SY 2012 – 2013 Elementary | 5,265 |
| SY 2013 – 2014 Day Care & Elementary | 16,670 ↑ |

**Resulta ng Performance ng mga Bata sa Klase sa Pagitan ng 1st Quarter at 2nd Quarter, S.Y. 2013-2014**




*Source: DepEd-Valenzuela Health and Nutrition Section*



| BILANG NG BENEPISYARYO NG DR. PIO VALENZUELA SCHOLARSHIP PROGRAM | |
|---|---|
| 2013 (Batch 18) | 150 |
| 2014 (Batch 19) | 330 ↑ |

Mula sa bilang na 150 iskolar ng batch 18 Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program noong nakaraang taon,2013, iniutos agad ni Mayor REX na doblehin pa ito pagpasok pa lamang niya bilang punong lungsod. Sa target na 330 iskolar ay pinaglaanan na ito ng badyet ng lokal na pamahalaan ngayong 2014. Nakatatanggap ng stipend na P30,000 kada taon ang bawa't benepisyaryo ng programa. "Paramihin ang iskolar ng bayan," pahayag ng punong lungsod. Ayon pa sa alkalde, nanghihinayang ito sa mga batang may pangarap makatapos ng pag-aaral nguni't salat sa pinansyal.



*Tinatanggap ng isang iskolar ang kanyang kontrata mula sa isang opisyal ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program, Abril 5, 2013.*

## "Paramihin ang iskolar ng bayan"
*– Mayor REX Gatchalian*



*Sa tulong ni Councilor Lorie Natividad-Borja, Action Officer ng REXponsableng Serbisyo sa Edukasyon, nagpamigay ang lokal na pamahalaan ng 89,400 piraso ng English at Math Work Texts sa 39 na pampublikong paaralan sa buong lungsod para sa school year 2013-2014. Lahat ng mag-aaral sa grade 3 hanggang grade 6 ay nabiyayaan ng mga kapakipakinabang na aklat.*



*Nakahanda na ring ipamigay ang 839,764 piraso ng mga notebook para sa lahat ng mag-aaral sa elementarya at hayskul sa mga pampublikong paaralan sa buong lungsod. Makatatanggap ng 7 piraso ang bawa't mag-aaral. May 77,282 piraso ng back pack bag ding ipamimigay na may pencil case, 3 pirasong lapis, bolpen, double sharpener, 1 pad paper at tumbler para sa grade 1 hanggang grade 6. May nakahanda na ring 77,282 mga bagong work text na muling ipamimigay sa lahat ng elementarya sa buong lungsod para sa school year 2014-2015.*

## Suliranin sa pagbasa ugat ng pagbagsak sa eskwela

Sa unang anim na buwan pa lamang ni Mayor REX bilang punong lungsod, inuna niyang alamin ang lebel ng mga estudyanteng Valenzuelano ayon sa kaalaman ng mga ito sa kanilang natututunan sa eskwela.

Ayon sa nakuhang datos mula sa National Educational Testing and Research Center, mula sa pagiging number 2 ng mga 4th year student sa Valenzuela City sa buong NCR taong 2011, bumaba ito sa number 10 taong 2012 sa National Achievement Test (NAT). Bumaba naman ang mga grade 3 pupil sa rank number 7 taong 2012 mula sa pagiging number 4, taong 2011. Ganundin ang malaking pagbaba ng mga bata sa grade 6 mula sa pagiging number 1 taong 2010 sa pwestong number 8 na lamang sa taong 2011 at 2012.

Nagsagawa naman ang pamahalaang lungsod ng mga programang tutuklas sa nagiging suliranin ng mga mag-aaral kagaya ng Mock Test at Dolch. Napag-alaman na ang hirap sa pagbasa ng mga bata ang ugat ng suliranin.

Agad nagplano ng solusyon ang punong lungsod nang ihain nito sa mga punong-guro at mga guro ang 360º Investment Plan, ang Education Action Plan na sasagot sa naturang problema.



## Summer reading camp

Pagkatapos ng mga regular na klase, ang lahat ng mga batang may problema sa pagbasa ay magkakaroon ng karagdagang ***Enrichment Program.***

Sa tulong ng Synergia Foundation, magkakaroon ng isang buwang *reading classes* ang mga batang hirap at hindi makabasa. Ito ay gagawin dalawang oras araw-araw simula Mayo 2014. Magpapauwi din ng mga *worksheet* upang mas mahasa pa ang mga ito sa pagbabasa.

## Learning starts at home

Ito ang teorya ng punong lungsod, kaya naman isinali niya ang mga nanay ng tahanan sa programa. Maglulunsad ito ng programang *Parents in Classes.* Dito ay tuturuan ang mga magulang ng mga bata kung paano nila gagabayan ang kanilang mga anak sa mga ipauuwing worksheet. "We want to make our parents more involved and more engaged in solving the problem para sa bahay pa lang, yung inter-action ng mga magulang sa kanilang mga anak, nagsisimula na," pahayag ni Mayor REX.

## Si teacher mag-aaral na uli

Bukod sa pag-aaral ng mga nanay, mag-aaral din sila teacher ng *teaching strategies, mastery of subject matter,* at *values formation.* Ito ay upang mas mahasa pa sila sa pagtuturo at mapag-aralan pa ang mga makabagong istratehiya para sa mas epektibong pagtuturo.

*"Out of all the local government units that I knew, this is a feat for a new administration. I'm glad that through your in-depth analysis, you have found out what was the core of the problem which is reading."*
- DepEd Secretary Armin Luistro



Ang bagong ayos na Tugatog Health Station sa Brgy. Veinte Reales, Marso 2014. Umaabot sa may 60 pasyente ang pinagsisilbihan ng isang health station araw-araw.



Iniinspeksyon ni Mayor REX at ng mga opisyal ng City Health Department ang bagong renovate na Malinta Health Station, Pebrero 2014.

# Kalusugan at Kagalingang Pantao

Ni Mark Lester S. Cayabyab

## Panatag na kalooban, bunga ng mabuting kalusugan




Mas masigla, mas malusog at ligtas sa malnutrisyon na mamamayan ang target ngayon ng administrasyon ni Mayor REX Gatchalian. Matapos mapagwagian ng Valenzuela City ang kauna-unahang Champion for Health Governance Award ng Dept. of Health at Ateneo School of Government kamakailan, mas naging agresibo ang pamahalaang lokal sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga tao. Mahigit 10% ng 2014 badyet, o katumbas ng P261 milyon ang inilaan para sa iba't ibang programa para sa primary healthcare.




Pinangungunahan ni Mayor REX Gatchalian at NCR-South Luzon Dept. of Health Usec. Teodoro Herbosa (gitna) ang pagpapasinaya ng Maysan Health Station kasama ang mga lokal na opisyal, Pebrero 2014. Ito ang unang pasilidad na pinasinayaan sa 48 na health station na isinasaayos batay sa standards ng DOH at World Health Organization.

## Brgy. health stations pinasigla ng DOH, WHO standards

Isinailalim sa pagsasaayos ang 23 sa 48 barangay health stations sa lungsod upang makapasa sa mga pamantayan ng Dept. of Health at ng U.N. World Health Organization simula Enero 2014. Nakatakdang i-renovate naman ang mga natitira pang health station habang ang mga bitin sa floor area ay hahanapan naman ng loteng mapagtatayuan ng bago at mas maluwag na gusali.

### Nasa standards ba ang health station na malapit sa inyo?

- ☑ Iisang disenyo
- ☑ Maaliwalas
- ☑ Porch
- ☑ Admission Area
- ☑ Enclosed Treatment and Consultation Room
- ☑ Pre-natal and Infant Examination Room
- ☑ Midwife Station
- ☑ Tuberculosis - Directly Observed Treatment, Short-course (TB-DOTS) Room
- ☑ Pantry
- ☑ Toilet

### SAPAT BA ANG HEALTH STATION SA LUNGSOD?

| | | |
|---|---|---|
| International Standard | = | 1 health station/ 20,000 residente |
| Valenzuela City | = | 1 health station/ 12,000 residente |

Source: City Health Department







Inagurasyon ng bagong Tugatog Health Station, Brgy. Veinte Reales, Pebrero 25, 2014.



Si Dr. Valenzuela kasama ang ilang kabataan ng Brgy. Arkong Bato sa pagbubukas ng bagong health station ng lugar noong Pebrero 19, 2014




Blessing ceremony ng isinaayos na Canumay East Health Station, Pebrero 2014.

# 700 pasyente kada medical mission

Ayon sa tala ng City Health Department, tinatayang may 700 pasyente ang dumudumog sa mga medical mission ng pamahalaang lungsod tuwing Sabado at Linggo sa iba't ibang pamayanan. Bukod sa isinaayos na mga health station, layon ng lingguhang serbisyo na ito na ilapit pa lalo sa mga Valenzuelano ang mga dekalidad na serbisyong pangkalusugan sa araw na sila ay kadalasang nasa bahay lamang.

Hatid ng mga ito ang libreng check-up kay dok, may libreng pabunot ng ngipin, may libreng laboratory test, libreng pagsusuri ng mata, mga paggabay sa family planning, pagbibigay ng contraceptives at maging ng mga libreng gamot at supplements. Para sa schedule ng medical mission na malapit sa inyong lugar, tumawag lamang sa 352-1000.



*Mobile Medical and Dental Clinic ng Alagang Valenzuelano Program na nasa Paso de Blas Elementary School, Oktubre 2013. Bukod dito meron na ring Mobile Botika at Mobile Dental and Women Wellness Clinic na iikot sa mga barangay.*



*Mga health staff sa isinagawang medical mission sa Brgy. Marulas. Enero 2014.*

## LINGAP AT PAG-ALALAY SA KAPWA VALENZUELANO

| | |
|---|---|
| Katarata | 333 |
| Wheelchair, at Walking Aides | 102 |
| Palibing | 1,968 |
| Financial, Transportation at Medical Assistance | 4,542 (₱7.9 M) |

*Source: City Social Welfare and Development Office (Hulyo 2012 - Pebrero 2013)*

## 6,000 kababaihan ang nagpalagay ng libreng Implanon contraceptive mula Septyembre 2013 hanggang Abril 2014



*Ang proseso ng paglalagay ng Implanon sa isang pasyente sa Bagbaguin Health Center, Enero 10, 2014. Magagawa nitong iwasan ang pagbubuntis sa loob ng tatlong taon.*



# Sa PhilHealth at VC Cares Card, parang nakasandal ka sa pader

Itinaas ang badyet para sa bawat benepisyaryo mula P1,800 noong 2013 sa P2,400 ngayong 2014. Sa tala ng CSWDO, mayroong 44,353 pamilyang Valenzuelano ang nakikinabang sa programang ito. Habang may 2,300 indigent families ang VC Cares card holder na nagkakaloob sa kanila ng libreng serbisyo gaya ng laboratory, check-up at confinement sa Valenzuela City Emergency Hospital.

# Alagang Valenzuelano CHIKITING FOOD PATROL


BUSOG TIYAN, LUSOG ISIPAN

## Barangay-Based Feeding Program

## Zero malnutrition sa 2016

Kinalap ng pamahalaang lungsod ang may 3,538 na mga bata mula sa mga mahihirap na pamilya upang maging bahagi ng Barangay-based Feeding Program at puksain ang malnutrition incidence sa Valenzuela sa taong 2016. Sa loob ng tatlong taon ibibigay ang pang-araw-araw na supply sa mga benepisyaryo kada dalawang linggo. Makatatanggap ng rasyong ready-to-cook at fortified meals ang mga benepisyaryo edad anim na buwan hanggang limang taon. Ayon sa mga eksperto, kritikal ang nabanggit na edad at kailangang mabantayang mabuti upang maiwasan ang hindi maganda at permanenteng epekto ng malnutrisyon sa paglaki at pag-iisip ng mga bata.

Kaagapay ng programang ito ang K-to-6 In-school Feeding Program para sa mga underweight na bata sa Kinder at elementarya at ng supplemental feeding program para sa mga batang nasa day care, sa pagpapayaman ng kalusugan ng mga kabataang Valenzuelano.



*Nagpapapogi si Juan Jimmy Fuentes, 3, (ikalawa sa kaliwa) sa kamera kasama ang inang si Cherry at mga kapatid sa kanilang tahanan sa Brgy. Isla. Severe underweight si Jimmy bago sumailalalim sa Barangay-based Feeding Program ng lungsod noong Pebrero. Subalit makalipas lamang ang isang buwan, nadagdagan na siya agad ng 1.5 kilos at ngayon ay 10.5 kilos na ang kanyang bigat. Abangan ang kanyang paglaki, ayon sa nais ng programa.*



*Personal na ipinamimigay ni Mayor REX Gatchalian ang mga food kit sa mga benepisyaryo ng Brgy. Polo, Pebrero 15, 2014. Ito ay nasa ilalim ng Barangay-Based Feeding Program ng lungsod.*

## MGA BATANG KULANG SA TIMBANG EDAD 5 TAON PABABA

| | |
|---|---|
| NCR | = 20.7% |
| Valenzuela City | = 2.6% |

*Source: Valenzuela City Community Based Monitoring System (CBMS) 2012*



## Disenteng Bahay, Maayos na Pamumuhay

# Pabahay

*Ni Beng S. Bautista*

**Zero informal settler families (ISFs) sa 2016**

Ang programang pabahay ng lokal na pamahalaan ay bahagi ng Five-Year In-city Resettlement Program ni President Benigno Aquino III na naglalayong mai-relocate ang 104,000 informal settler families (ISFs) na naninirahan sa mga tabing ilog at creek sa National Capital Region. May pondong P10 bilyon ang ibubuhos dito ng gobyerno.

Dahil sa sigasig ng pamahalaang lungsod na mailipat sa ligtas at makataong pamayanan ang mga Valenzuelanong naninirahan sa mga tabing-ilog at mga peligrosong lugar, binuo ang Disiplina Village Housing Project. Sa kasalukuyan ay nasa dalawang magkaibang lokasyon ito, sa Barangay Ugong at Barangay Bignay.

Sa pagkakabuo ng pangunahing proyektong ito, target ng pamahalaang lokal na maging zero Informal Settler Families along waterways ang Valenzuela sa 2016.

**Valenzuela City DISIPLINA Village Housing Project**

**The Philippines' BIGGEST IN-CITY LOW-RISE BUILDING RELOCATION PROJECT**

## "Kampante kami sa bahay namin"

*"Nagpapasalamat po ako dahil kampante na po ako ngayon sa bahay namin. Hindi ko po makakalimutan ang nangyari sa amin ng pamilya ko nung tinangay ng Ondoy ang buong bahay namin. Dati po ay umiigib kami sa poso nung nasa riverside pa kami, ngayon po ay may sarili na kaming linya ng tubig. Nakakatulog na din po kami ng mahimbing ngayon kahit na malakas ang ulan sa labas dahil matibay na po ang bahay namin. Nung nasa riverside pa po kami, ang mahal mahal po ng binabayaran namin sa kuryente dahil nakikikabit lang kami sa kapitbahay namin. Ngayon po ay maliit na lang ang binabayaran namin dahil sarili na po namin ang metro ng kuryente."*

– Gng. Epifania Condiza, 54, isa sa mga nabiyayaan ng bagong tirahan sa Disiplina Village matapos tangayin ng Bagyong Ondoy ang kanilang dating bahay sa tulay ng Maceda, riverside sa Barangay Ugong. Isang taon na siyang masayang naninirahan kasama ang kanyang asawa at dalawang anak sa Building 49, Unit 47 ng Disiplina Village-Ugong.

# DISIPLINA Village UGONG

## Barung-barong noon, disenteng bahay ngayon



Dito nagsimula ang bagong pag-asa ng mga Valenzuelanong nawalan ng tahanan dahil sa bagyong Ondoy noong 2009. "Bagong bahay, bagong buhay" ang pangakong dala ng proyekto na sinimulan ni dating Valenzuela City Mayor Sherwin Gatchalian. Katuwang niya rito ang pribadong sektor sa pangunguna ng Dakilang Handog Foundation, Gawad Kalinga Foundation at mga lokal na negosyo.

Naging matagumpay ang proyekto sa layunin nitong makapagbigay ng disenteng pabahay kung kaya nahikayat na rin ang National Housing Authority (NHA) na tumulong sa pagpapalawig pa ng Disiplina Village – Ugong.

Mismong si Bise Presidente at Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) Chair Jejomar Binay pa ang nagpasinaya ng katatapos na dagdag 252 kabahayan nitong Pebrero 12, 2014.

Kasalukuyan namang tinatapos na ang 288 pang kabahayan sa 1.9 ektaryang housing project upang kumpleto nang mabiyayaan ang 890 pamilyang target ng pamahalaang lungsod na mai-relocate sa Disiplina Village – Ugong bago matapos ang taon.

Mayroon ng 350 pamilyang naninirahan dito matapos silang mailipat taong 2011.



Ikaapat na batch ng mga benepisyaryo sa Disiplina Village-Ugong.



Turnover ceremony ng karagdagang walong gusali na may 252 kabahayan, Pebrero 12, 2014. Mula kaliwa Mayor REX Gatchalian, Congressman WIN Gatchalian, VP Jejomar Binay at Alay Buhay Party List Representative WES Gatchalian.





# DISIPLINA Village BIGNAY

## PABAHAY PARA SA 3,852 PAMILYA

**11 ektarya ₱1.2 bilyon**

Dahil sa tagumpay ng naunang proyektong pabahay sa Brgy. Ugong, naging inspirasyon ito ni Mayor REX upang ipagpatuloy ito at higitan pa.

Sa bagong Disiplina Village – Bignay, tatayuan ito ng 107 gusali na may 36 na housing unit bawat isa. Mabibiyayaan dito ang 3,852 pamilya mula sa informal settler communities partikular sa Tullahan River at sa iba pang waterways sa lungsod. Ito ang tutuldok sa lumolobong suliranin sa pagdami ng ISF sa lungsod. Gugugol ang National Housing Authority rito ng P1.2 bilyon habang sagot ng pamahalaang lungsod ang pagbili ng lupa na may laking 11 ektarya, mga pasilidad at site development.



*MOA SIGNING. Saksi si Bise Presidente at Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) Chair Jejomar Binay at mga opisyales, sa paglagda ng Memorandum of Agreement nina Mayor REX at National Housing Authority (NHA) General Manager Chito M. Cruz, Pebrero 12, 2014, para sa pagtatayo ng mga kabahayan at pag-develop ng Disiplina Village - Bignay. Nakasaad sa kanilang nilagdaan ang gampanin ng bawa't isa para sa ikatatagumpay ng proyekto at konstruksyon nito.*




*Artist's perspective ng magiging disenyo ng mga gusali sa Disiplina Village-Bignay.*

*Source: Housing and Resettlement Office*

## Kumpleto, maayos, kaaya-aya

### Mga pasilidad ng Disiplina Village-Bignay




*Source: Housing and Resettlement Office*

Site development plan ng Disiplina Village-Bignay.

- 4 Day Care Centers
- 1 Mega Health Center
- 4 Basketball Courts
- 1 Mortuary Chapel
- Materials Recovery Facility
- 6 Playgrounds
- 2 Parks
- Parking Spaces
- 3-storey Multi-purpose Hall
- Fire Station
- Police Block
- Health Center
- Terminal ng Jeep at Tricycle
- Elementary School
- High School

Ilang dekada ng suliranin ang malawakang unemployment at underemployment. Kung ilalarawan, sadlak na sadlak ang estado ng empleyo sa bansa. Bilang pagtugon dito, isang espesyal na ahensya ang itinayo sa lokal na pamahalaan ng Valenzuela - ang **Job Generation Office** – na inaasahang tutugon at magiging pangunahing kaagapay ng bawat Valenzuelano pagdating sa pagbubukas ng mga oportunidad sa empleyo mapa-lokal at overseas.

## Ang Job Generation Office

Naitalaga ang Job Generation Office na maging katuwang ng Public Employment Service Office (PESO) sa pagbibigay ng ayuda sa mga Valenzuelano pagdating sa trabaho. Inaasahang magiging magkatambal ang dalawang ahensya upang mas mapalakas pa ang estado ng empleyo sa lungsod kaugat ng misyon ng Department of Labor and Employment (DOLE).

Ang Job Generation Office ay pinamamahalaan ni dating Konsehal Gerry Esplana. Ang tanggapan ay matatagpuan sa unang palapag ng Executive Building ng Valenzuela City Hall.

Ito ang ahensya na nangangasiwa sa **www.ValenzuelaTrabaho.gov.ph,** ang pinakaunang job-matching website sa bansa na itinatag ng isang pamahalaang lokal. Gamit ang website, magkakaroon ang bawat rehistradong miyembro ng access sa mga trabahong akma sa kaniyang kakayahan at kwalipikasyon. Ang bawat kumpanya naman na may kakulangan sa manpower ay magagamit din ang website upang makapaghanap ng mga posibleng aplikante na aangkop sa kanilang pangangailangan. Ito ay bukas lamang para sa mga lehitimong residente ng Valenzuela City.




# Trabaho

## Sapat na Trabaho, Bayang Progresibo

*Ni Michael L. Sangil*



## Sa Valenzuela, ONLINE na ang Paghahanap ng Trabaho




*Screenshot ng aktuwal na website ng ValenzuelaTrabaho.*

## Paano gamitin ang website?

### Para sa mga Naghahanap ng Trabaho

1. Gamit ang computer na may Internet connection, pumunta sa web address na **www.ValenzuelaTrabaho.gov.ph**
2. I-click ang **'Jobseeker Sign-up'** button at punan ang mga hinihinging impormasyon.
3. Alamin ang iyong **temporary reference number (TRN)** na ipinadala sa iyong e-mail address.
4. Pumunta sa **Job Generation Office** at ipa-activate ang iyong account gamit ang iyong TRN. Magdala ng orihinal at photocopy ng ID o anumang proof of residence.
5. Matapos ang verification, maaari ng kunin ang iyong membership card at maaari mo na ring magamit ang website upang makapaghanap ng trabahong akma para sa iyo.

### Para sa mga Employer

1. Pumunta sa web address na www.ValenzuelaTrabaho.gov.ph
2. Pindutin ang **'Employer Sign-up'** button at punuin ang mga kinakailangang impormasyon. I-attach ang iba pang requirement (1) BIR Registration Certificate [Form 2303], at (2) anuman sa mga sumusunod:
   - SEC Registration
   - DTI/DBT Registration
   - DOLE License for Local Private Recruitment and Placement Agency
   - POEA License for Overseas Recruitment and Placement Agency
   - CDA Registration for Cooperatives
   - Business/Mayor's Permit.
3. Hintayin ang verification ng Job Generation Office sa loob ng 24 oras. Matapos nito, maaari nang mag-post ng mga trabaho gamit ang website.


**Ang website ay mayroon ng *1,593* rehistradong jobseeker, *123* employer at *219* na aktibong mga job posting.** *(tala noong Abril 29, 2014)*




Nakipagpulong ang Job Generation Office (JGO) sa mga miyembrong kumpanya ng Information Technology and Business Process Association of the Philippines (IBPAP), kasabay ng general assembly ng asosasyon na ginanap sa F1 Hotel Manila sa Taguig City, Abril 28, 2014. Ang IBPAP ay isang samahan na binubuo ng mahigit 300 IT-BPO firms sa buong bansa.

Bago ito, nakipagpulong na rin ang JGO sa Association of Human Resources Managers in the Hospitality Industry sa Manila Pavilion, Marso 27, 2014 na dinaluhan ng 24 na kinatawan ng mga hotel.

Layon ng ahensya na lalo pang mapalawak ang bilang at uri ng mga trabaho na maaaring aplayan ng mga Valenzuelano sa ValenzuelaTrabaho website, maliban sa mga city-based na mga employer.



*"Di mo na kailangan pang lumabas para maghanap ng trabaho kasi computer ang gamit mo. Ini-encourage ko sila na subukang mag-apply sa ValenzuelaTrabaho online dahil talagang napakadali."*

***- John Sew***
*taga-Brgy. Maysan natanggap na evaluator ng Permits Division ng City Engineering Office ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela*

# ValenzuelaTrabaho, dinadala sa mga kolehiyo

Nagsasagawa rin ng school tours ang Job Generation Office upang maihatid ang mga serbisyo ng ValenzuelaTrabaho website sa mga graduating student ng ilang mga kolehiyo sa lungsod. Sila ay nagre-register sa website at binibigyan ng libreng membership ID. Ang school tour na ito ay bilang pagsuporta sa mga magsisipagtapos, upang sila ay matulungan na makahanap ng trabaho dahil ayon sa mga ulat, malaking porsyento ng mga unemployed sa bansa ay mga *fresh college graduate.*



*Maliban sa mga estudyanteng nagregister, naglagay din ng job posting ang isang kawani ng eskwelahan sa ginanap na school tour ng Job Generation Office sa Sta. Cecilia College, Marso 6, 2014.*






*Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga mag-aaral ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) na magamit ang ValenzuelaTrabaho website ng Job Generation Office. Ito ay bilang bahagi ng kanilang pagdiriwang ng College of Business Administration, Accountancy and Public Administration (CBAP) Week kung saan nag-isponsor ng sariling job fair ang PLV, Pebrero 18, 2014, para sa halos 1,000 graduating students nito.*

## USAPANG MERON at WALA

Ayon sa pinakahuling tala ng National Statistics Office, nasa **36.4 milyong Filipino** ang kasalukuyang **may trabaho.** Malaking bahagdan nito na tinatayang nasa **54.1%** ang nasa services sector; **30%** ang nasa agriculture sector; at **15.9%** ang nasa industry sector.

Sa kabilang banda, **2.9 milyon** naman ang **walang trabaho*.** Aabot sa **1.4 milyon** nito ang edad **15-24**. Nasa **867,100** katao naman ang edad **25-34.**

Ayon naman sa 2012 Community-Based Monitoring System (CBMS) ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, nasa **194,182 Valenzuelano** ang kasalukuyang may trabaho. Kung susumahin, 0.5% ito ng kabuuang bilang ng mga manggagawa sa buong bansa.

**Tala ng NSO noong Enero 2014. Hindi kasama rito ang Region VIII na nasalanta ng Bagyong Yolanda.*

## TIPS SA MGA JOBSEEKER & INCOMING COLLEGE STUDENTS

### Mga Trabahong Jackpot sa Kita:

| | Sweldo kada buwan: |
|---|---|
| 1. Managing Director (Executive and Management) | P 306,667 |
| 2. Banking Operations Department Manager (Banking) | P 285,000 |
| 3. Assistant Director (Teaching / Education) | P 260,000 |
| 4. Regional Manager (Banking) | P 255,000 |
| 5. Market Segmentation Director (Marketing) | P 250,000 |
| 6. Country Manager (Executive and Management) | P 235,000 |
| 7. Enterprise Infrastructure Manager (Information Technology) | P 200,000 |
| 8. Security Manager (Information Technology) | P 183,333 |
| 9. Biomedical Engineering Director (Pharmaceutical and Biotechnology) | P 180,000 |
| 10. Pilot (Airlines/Aviation/Aerospace /Defense) | P 158,540 |

*Source: www.salaryexplorer.com*

### Mga Trabahong Hinihintay ka:

1. Accountant
2. Agriculturist
3. Air-conditioning Technician
4. Animator
5. Carpenter
6. Cashier
7. Civil Engineer
8. Chemical Engineer
9. Electrical Engineer
10. Florist
11. Food Technologist
12. Geodetic Engineer
13. Heavy Equipment Operator
14. Human Resource Manager
15. IT Specialist
16. Industrial Engineer
17. Landscape Artist
18. Legal Transcriptionist
19. Librarian
20. Mason
21. Mechanical Engineer
22. Medical Technologist
23. Metallurgist
24. Nutritionist
25. Painter
26. Pharmacist
27. Physician
28. Sanitary Engineer
29. Veterinarian
30. Welder

*Ayon sa isang ulat ng DOLE, ang mga naitalang trabaho ay ang ilan sa mga pinakamahirap mapunan.*

### Key Employment Generators:

Ang mga sumusunod na industriya ang makapagbibigay ng malaking bilang ng trabaho sa susunod na lima hanggang 10 taon:

1. Agribusiness
2. Construction
3. Information Technology/ Business Process Management
4. Health and Wellness
5. Hotel, Restaurant and Tourism
6. Wholesale and Retail Trade
7. Banking and Finance
8. Mining
9. Transport and Logistics
10. Manufacturing Ownership
11. Dwellings and Real Estate
12. Education
13. Power and Utilities

*Source: DOLE*





*"Nagpapasalamat po ako sa ValenzuelaTrabaho.gov.ph dahil napadali ang pag-a-apply ko at paghahanap ng trabaho."*

***- Mary Grace Evangelista***
*taga-Brgy. Parada*
*natanggap na School Nurse*
*sa Bobby and Kates Academy*

# 8 sa 10 aplikante tanggap sa trabaho

Apat na magkakasunod na taon nang kinikilala ang Public Employment Service Office (PESO) ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela bilang isa sa mga top performer sa NCR. Maipagmamalaki din ang mataas na job placement rate ng ahensya sa mga nakalipas na taon.

Noong 2013, pumalo sa mahigit 83% o 17,111 ang natanggap mula sa 20,539 aplikante ang job placement rate nito para sa mga regular na programa. Nasa 2,257 naman ang na-hire on the spot sa mga isinagawang jobs fair noong 2013.

Noon ding nakaraang taon, nakapaglunsad ang ahensya ng **10 jobs fair** at nakapagbigay ng *career employment coaching* sa may **16,718** mag-aaral sa 20 paaralan sa lungsod. Dalawang jobs fair naman ang naisagawa na ngayong taong 2014.

Sa pagtatayo pa ng Job Generation Office, napatunayan ang maalab na hangarin ng pamahalaang lungsod na makapagbigay ng disente at maayos na hanapbuhay sa mga nangangailangang Valenzuelano.




*Ang mga jobseeker sa isinagawang Convergence Caravan sa Valenzuela City Astrodome, Abril 2014.*

# Serbisyo ng OWWA, mas madali na sa Valenzuela




*Nilalagdaan ni **Mayor REX Gatchalian** at **OWWA Administrator Carmelita Dimzon** ang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Valenzuela City at OWWA sa pagtatayo ng OFW Helpdesk sa City Hall, Nobyembre 12, 2013.*




*Ang itinayong OFW helpdesk sa unang palapag ng City Hall. Makipag-ugnayan sa tanggapan sa numerong 352-1000 local 1711 o kaya ay sa POEA hotline 722-1144 at 722-1155.*

Upang makapagbigay ng agarang tugon sa mga pangangailangan ng mga Overseas Filipino Workers (OFWs) sa Valenzuela, naglaan ng espesyal na helpdesk ang Overseas Workers and Welfare Administration o OWWA sa City Hall. Ang tanggapan ay matatagpuan sa unang palapag ng Legislative Building.

Ayon kay OWWA Administrator Carmelita Dimzon, ang helpdesk ay makapagbibigay ng direktang serbisyo sa halos 17,000 OFW sa Valenzuela. Ilan sa mga programang ito ay disability, dismemberment at death claims; karagdagang edukasyon at mga training; ligal na ayuda; repatriation; at social reintegration.

# Kalakalan at Industriya

## Buwis Para sa Bayan, Matapat na Pamahalaan

Ni Michael L. Sangil






Gamit ang makabagong teknolohiya, tunay na dedikado ang pamahalaang lungsod sa pagbibigay ng mga natatanging programa para sa mga masigasig at tapat na Valenzuelanong nagbabayad ng buwis. Tinawag na **"3S+" (3S Plus)** na nangangahulugang **Simple Processes, Speed in Delivery** at **Service Excellence,** ang programang ito ang sisiguro na ang korapsyon o anumang iligal na sistema ay walang lugar saanmang ahensya ng lokal na pamahalaan.

*"3S+ is making things much simpler, faster and friendlier… Kapag kumpleto ang requirements mo, dapat may permit ka na. That is a first in the Philippines when it comes to streamlining processes."*

*- Mayor REX Gatchalian sa launching ng Electronic Terminal, Enero 21, 2014*

## The Philippines' 1st FULLY AUTOMATED Building and Construction Permit Application System!

3S+ SIMPLE SPEED SERVICE Electronic Terminal




Enero ngayong taon nang ilunsad ng pamahalaang lungsod ang 3S+ Electronic Terminal – isang automated na sistema ng pag-iisyu ng building at construction permit. Gamit ang teknolohiya, mas pinagaan na ang pagkuha ng nasabing permit, less human interaction kaya fixer-free.

Kung dati ay aabot sa isa hanggang dalawang buwan ang pagproproseso ng mga aplikasyon, ngayon, sa tulong ng nasabing sistema, isa hanggang dalawang araw na lamang ang bubunuin ng mga aplikante kung sila ay may wasto at kumpletong mga requirement.

## Building and Construction Permit Application System



**1 TOUCH SCREEN REGISTRATION BOOTH**
Upang masigurado na nasusunod ang *"first-come-first-serve basis*




**2 BARCODE SYTEM AND SCANNER**
Upang mapadali ang paglalagay sa system ng detalye ng mga aplikasyon



**3 RANDOMIZER**
Upang maiwasan ang *"under the table"* na transaksyon sapagkat computer ang pipili ng pangalan ng inspektor na magsusuri sa proyekto



**4 IN-HOUSE FIRE INSPECTOR AND EVALUATOR**
Upang hindi na kailangan pang lumabas ng aplikante para magtungo sa lokal na tanggapan ng *Bureau of Fire Protection (BFP)*



**5 HOLISTIC EVALUATION**
Upang maiwasan ang pagpapabalik-balik ng mga aplikante kung may kulang o mali sa kanilang dokumentong isinumite



**6 APPLICATION STATUS DISPLAY SCREEN**
Upang agarang malaman ng tao ang kalagayan ng aplikasyon

**KITA MULA SA BUILDING PERMIT (2013)**
**₱89,056,852**

| BILANG NG MGA KUMUHA NG BUILDING PERMIT | |
|---|---|
| 2011 | 10,149 |
| 2012 | 11,124 |
| 2013 | 14,439 ↑ |

*Source: City Planning and Development Office*

# Mobile Payment

Maaari nang magbayad ng real property tax (RPT), business at building permit gamit ang iyong cellphone. Paano?

Madaling Gamitin | Matipid | Sigurado

**Mag-register sa GCash gamit ang inyong Globe/TM Sim**

***Step 1:*** I-dial ang *143# for FREE, piliin ang GCash at i-select ang Register

***Step 2:*** I-enter ang mga hinihinging impormasyon:

- 4-digit MPIN
- First Name
- Last Name
- Address
- Email Address (Optional)

*Makatatanggap ka ng SMS galing sa 2882 kung successful ang iyong pag-register.*

## Magbayad gamit ang GCash for FREE**

***Step 1:*** I-dial ang *137# for FREE at piliin ang Valenzuela City.

***Step 2:*** Pumili sa RPT, business o building permit.

***Step 3:*** Ilagay ang iyong Tax Declaration Number at sundan ang mga instruction.

Ang proyektong ito ay naisakatuparan sa tulong ng G-Xchange, Inc. ng Globe Telecom at ng United States Agency for International Development (USAID).

*Makatatanggap ka ng SMS kung successful ang iyong transaction.*
***Until June 2014 only*



# Pagbabayad ng tax, patext-text, paswipe-swipe at paclick-click na lang

Mas pinalawak at mas lalo pang pinadali ang pagbabayad ng buwis sa Valenzuela, matapos ilunsad ang karagdagang tatlong sistema ng pagbabayad nito.

| TALAAN NG KINITA MULA SA BUSINESS PERMIT: | |
|---|---|
| 2011 | ₱551,962,246 |
| 2012 | ₱614,809,677 |
| 2013 | ₱676,281,870↑ |

*Source: City Planning and Development Office*

## ATM o Visa Credit Card

Sa pakikipagtulungan ng Development Bank of the Philippines (DBP), ang bawat Valenzuelanong taxpayer ay maaari nang magbayad ng mga kaukulang bayarin sa business permit, real property tax at building o construction permit gamit ang kanilang ATM o credit card.

Ipresenta lamang ang iyong ATM o credit card sa cashier ng Taxpayers' Lounge sa Gusaling Geronimo Angeles.



| KITA MULA SA RPT (2013) | ₱321,381,697 |
|---|---|

*Source: City Planning and Development Office*

## Online Billing and Payment

Sa tulong pa rin ng teknolohiya mula sa DBP, gamit naman ang computer na may internet connection at iyong credit card, maaari nang magbayad ng real property tax.




1 Pumunta sa opisyal na website ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela – **www.valenzuela.gov.ph.**




2 Hanapin ang pitak na nagsasaad ng **"Online Billing & Payment for Real Property Tax."**




3 Gumawa ng **account.** Pindutin ang **'Sign-up Now'** button at punan ang mga hinihinging impormasyon. Itala ang mga property na iyong pagmamay-ari.




4 I-verify ang iyong account na ipinadala sa inilagay na e-mail address. Sundan ang link na isinasaad.



5 Alamin ang kabuuang halaga na dapat bayaran.



6 Maaaring i-print ang billing form at personal na bayaran sa City Hall o kaya ay magbayad gamit ang iyong credit card. Itala ang mga kinakailangang impormasyon.

***Babala:*** Mag-ingat sa paggamit ng iyong credit card. Huwag hayaang makita ng iba ang mga sensitibong impormasyon ukol sa iyong account.

Ang mga naitalang pamamaraan ay karagdagang opsyon lamang sa pagbabayad ng buwis. Maaari pa ring magbayad ng cash at personal na pumunta sa Finance Center ng City Hall. Kung may mga katanungan ukol sa mga serbisyong ito, tumawag lamang sa 352-1000.






*Ang pagdalaw ni DILG Usec. Austere Panadero sa Valenzuela City Hall, Enero 2014.*

# VALENZUELA SENTRO NG LAKBAY-ARAL NG MGA LGU

Nagsisilbing modelo ngayon ang Valenzuela City sa ilan pang mga LGU at mga ahensya sa bansa dahil sa modernong sistema nito ng paglilisensya, pag-i-isyu ng business at engineering permit at katangi-tanging mga paraan ng pagkolekta ng mga buwis.

Isa ang Valenzuela sa modelong LGU ng United States Agency for International Development (USAID) sa pagpapatupad ng Investment Enabling Environment (INVEST) project.



*Si Mayor REX Gatchalian kasama si League of Cities of the Philippines President at Cagayan de Oro City Mayor Oscar Moreno sa Valenzuela City Hall Tour ng grupo nito, Setyembre 2013.*




*Personal na tinanggap ni Valenzuela City Mayor REX Gatchalian at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ang delegasyon ng konseho ng Suwon City, South Korea sa pagbisita nito, Pebrero 2014.*

## Tala ng mga Bumisita

**Iloilo City**
Hulyo 25, Oktubre 9 at Disyembre 3, 2013

**Curvo Santiago, Agusan Del Norte**
Agosto 5, 2013

**Palapag, Northern Samar**
Agosto 29, 2013

**Cagayan De Oro City,** Misamis Oriental
Setyembre 25 at Disyembre 3, 2013

**Libertad, Misamis Oriental**
Oktubre 17, 2013

**Gumaca, Quezon**
Oktubre 23, 2013

**Guiguinto, Bulacan**
Nobyembre 5 at Disyembre 3, 2013

**NERBAC Zambales**
Nobyembre 22, 2013

**Bataan Province**
Disyembre 13, 2013

**DILG USec. Austere Panadero,** USAID, DTI
Enero 30, 2014

**Salcedo, Eastern Samar**
Pebrero 5, 2014

**Suwon City, South Korea**
Pebrero 18, 2014

**Bongao, Tawi-Tawi**
Pebrero 19, 2014

**Initao, Misamis Oriental**
Marso 4, 2014

**Mina, Iloilo**
Marso 5, 2014

**Siquijor, Siquijor**
Marso 7, 2014

**Midsayap, Cotabato**
Marso 13, 2014

**Hernani, Eastern Samar**
Marso 14, 2014

**Parañaque City**
March 24, 2014

**Pototan, Iloilo**
March 26, 2014

**Mambajao, Camiguin**
March 27, 2014

**Zamboanga City**
April 24, 2014

*Source: Cultural Affairs and Tourism Development Office*

*"Nanay, i-e-enroll ninyo po ba 'yung anak ninyo?"* bungad ng guard nang minsang magawi si Flordeliza Edroso sa labas ng Valenzuela National High School sa Brgy. Marulas. *"Hindi po, ako sana ang mag-e-enroll,"* sagot ng ginang.

# Nang Muling Mangarap si Lola

Ni Michael L. Sangil



Laking mangha ng gwardiya at magalang nitong sinamahan si Nanay Flordeliza sa admin ng eskwelahan upang maiayos ang kanyang aplikasyon. Dito nagsimula ang paglalakbay sa hayskul ni Nanay Flordeliza, 70 taong gulang, taga-Potrero, Malabon.



### HINDI NATITINAG ANG PUSONG FILIPINO

Ito ang naging tema ng pagtatapos ng bawat paaralan sa taong ito. Mababakas din sa mga salitang ito ang dakilang mithiin ni Nanay Flordeliza nang kanyang tanggapin ang kanyang diploma noong Marso 28, 2014.

Ipinagpatuloy at natapos ni Nanay Flor ang kanyang hayskul sa Valenzuela National High School (VNHS). Sa regular schooling at hindi sa ilalim ng Alternative Learning System (ALS), pinagsumikapan ng ginang ang pagpapatuloy ng naudlot na pag-aaral. Araw-araw na pumapasok at naka-uniporme – iyan ang binuno ni Nanay Flor sa dalawang taon sa VNHS. Aniya, 'mas feel' daw niya ang ganitong siste upang mas ganahan na mag-aral. Kasama ang mga mas batang kaklase, aktibong lumahok si Nanay Flor sa mga talakayan sa klase.

*"Hindi ako nahihiya. Bakit naman, 'diba?"* sabi ni Nanay Flor.

Pawang mga tapos na sa pag-aaral ang kanyang tatlong anak. Maski ang kanyang asawa ay degree holder din. Ito ang nag-udyok sa kanya na bumalik sa pag-aaral at makamit ang diploma na ipinagkait ng tadhana sa kanyang kabataan.

*"Sila ang ginawa kong inspirasyon. Kasi, sa amin, ako lang ang hindi nakatapos. Gusto kong maipagmalaki din nila ako."*

### INSPIRASYON SA LAHAT

Ipinakita ni Nanay Flor na sa kabila ng kanyang edad, ay hindi pa huli ang lahat upang maniwala at tuparin ang kanyang mga pangarap. Hindi siya nagpatinag sa anumang balakid na kanyang kinaharap habang nag-aaral.

Personal siyang pinapurihan ni Mayor REX Gatchalian nang magtagpo ang dalawa sa mismong araw ng graduation. Laking tuwa at hanga ni Mayor REX sa ginang sa ipinamalas nitong kasipagan. Ayon kay Mayor REX, magsisilbing inspirasyon si Nanay Flordeliza hindi lamang sa kasalukuyan, kundi sa mga darating pang henerasyon. Hindi man taga-Valenzuela, siya ay bahagi na ng kasaysayan ng lungsod na paulit-ulit na hahangaan ng lahat. Ang bawat pangarap ay magkakaroon ng katuparan hanggang may paniniwala dito at higit sa lahat, may hangaring tupdin ang mga mithiing ito.

### PATULOY ANG PANGARAP

Masidhi ang pagnanais ni Mayor REX Gatchalian na suportahan si Nanay Flordeliza sa pagtuntong nito sa kolehiyo. Muling nagkita si Mayor REX at si Nanay Flordeliza nang dumalaw ang ginang sa City Hall noong Marso 31. Kinilala rin ng Sangguniang Panlungsod si Nanay Flor sa bisa ng isang resolusyon.



Pinagkalooban ng alkalde ng scholarship si Nanay Flor sa Valenzuela City Polytechnic College (ValPoly). Wala nang po-problemahin ang ginang dahil sagot ang lahat ng gastusin– tuition, allowance at iba pang miscellaneous fees. Hangad ni Nanay Flor na magkaroon ng bachelor's degree at plano niyang kumuha ng Food and Service Management. Ayon sa ginang, kung sakaling matapos niya ang 4-year course na ito, siya ay magtatayo ng kanyang sariling food business.

Noong araw ding iyon, kasama niyang tumungo sa ValPoly ang kanyang 4th year adviser na si Ms. Shammy Santiago *(larawan sa ibaba)*. Malaki ang pasasalamat ni Nanay Flor kay Ma'am Shammy dahil sa masigasig nitong pag-alalay sa kanya. Nagpapasalamat din siya kay Mayor REX at sa lahat ng taong naniniwala sa kanya.

Positibo si Mayor REX sa magiging paglalakbay ng ginang sa kolehiyo. Aniya, hihintayin niya ang muli nitong pagmartsa, ngayon naman, bilang college graduate.





# 11Km kalsada, bangketa isasaayos

Nakatakdang isaayos ng pamahalaang lokal nitong taon ang ilang mga pangunahing kalsada, bangketa at kanal sa iba't ibang bahagi ng lungsod.

Papalo sa P91,537,881.85 ang badyet para sa mga priority infrastructure project na ito kung saan aabot sa 10,945.33 metro suma total ang haba ng mga ito.

Kabilang sa mga lugar na aayusin, ayon sa City Development Fund (CDF) 2014 Resolution No. 1-14 mula sa City Engineering Office, ay ang J. Serrano at M. Serrano sa Rincon, Martinville sa Pasolo, N. De Galicia sa Maysan, R. Jacinto sa Canumay West, Rubber Master sa Lingunan; Capalad, Sebastian, at Valeriano sa Balangkas; Tagalag Road at Victoria Village sa Canumay East.

### NATAPOS

Bukod pa rito, sinabi ng City Engineering Office na natapos na ang 11 priority projects na nakapaloob sa CDF 2014 Resolution No. 1-13 na may badyet na P60,004,695.99. Ilan sa mga natapos na pagsasayos ay ang mga sumusunod: E. Gabriel Interior 1-6, M. Urrutia Interior 1-4, Sagip Interior 1 at Q. Deniega Interior 1-8 sa Arkong Bato; Maligaya sa Palasan, Juana Dilag sa Malanday; Road 3 sa Marulas at Sitio Kabatuhan sa Gen. T de Leon at maging ang tatlong multi-purpose building sa Bignay, Wawang Pulo at Veinte Reales.

### TINATAPOS

Ayon pa sa nasabing tanggapan, tinatapos pa ang mga proyektong kalsada, bangketa at kanal sa mga sumusunod: Angeles Subd sa Pasolo, Disiplina Village sa Ugong, F. Lazaro sa Canumay West, Salambao sa Wawang Pulo, at Sito Kabatuhan Phase 3 sa Gen. T de Leon. *-Mark Cayabyab*

# Panibagong Simula

Sa kanilang pagmartsa at pagtanggap ng mga katibayan ng pagtatapos, nag-uumapaw na kagalakan ang namutawi sa puso ng bawat nagsipagtapos, lalong higit sa puso ng kanilang mga magulang.

Nasa 480 na mga mag-aaral ng Valenzuela City Polytechnic College ang tumanggap ng kanilang diploma noong Abril 3, 2014. Panauhing pandangal si Pasig City Representative Roman Romulo. Sa kanyang speech, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng technical education sa kasalukuyang panahon kung saan laganap ang unemployment at underemployment.

Sinundan naman ito ng pagmartsa ng 945 na mga mag-aaral ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela noong Abril 10. Bilang isang matagumpay na businesswoman, ibinahagi naman dito ni Senator Cynthia Villar ang gampanin ng entrepreneurship, kaugnay pa rin ng krisis sa kakulangan sa trabaho. Aniya, kung may sipag at tiyaga ay tiyak na magtatagumpay ang sinumang nagnanais na maging entrepreneur.

Labis din ang pagbati ni Mayor REX Gatchalian sa sa mga nagsipagtapos at umaasa siyang magiging matagumpay silang mga kaagapay ng Lungsod ng Valenzuela at ng bansang Pilipinas. *-Michael L. Sangil*






# Top Taxpayers and Job Providers

## Buwis na Binayaran, Ibinabalik sa Mamamayan

Kasabay ng pagdiriwang ng **16th Charter Day** ng Valenzuela, Pebrero 14, 2014, kinilala at pinarangalan ng pamahalaang lokal ang mga katangi-tanging mga kumpanya na lalo pang nagpapalakas ng ekonomiya ng lungsod.

## Top Job Providers:

1. SM Prime Holdings, Incorporated
2. CDO Foodsphere, Incorporated
3. Star Paper Corporation
4. Pure Snack Food House Corporation
5. Donutification Corporation
6. Wilcon Builder's Depot, Incorporated
7. Dowi Hosiery Mills, Incorporated
8. Puregold Price Club, Incorporated
9. D.M. Consunji, Incorporated
10. Yosiko Industries, Incorporated

## Top Taxpayers:

**Micro Companies:**

1. Innovative Packaging Industry Corporation
2. Gilvan Packaging Corporation
3. Contract Packaging Corporation of the Philippines
4. Palvis Merchandising, Incorporated
5. Polytextil, Incorporated

**Small Companies:**

1. WE Enterprises & Contractors, Incorporated
2. Bulacan Integrated Wood Industries Corporation
3. Suncrest Foods, Incorporated
4. Primeknit Manufacturing Corporation
5. AIT Global Traders, Incorporated

**Medium Companies:**

1. Peerless Products Manufacturing Corporation
2. Flexible Packaging Products Corporation
3. Tiger Machinery & Industrial Corporation
4. Mayer Steel Pipe Corporation
5. Maxima Steel Corporation

**Large Companies:**

1. Manila Electric Company
2. SM Prime Holdings, Incorporated
3. Maynilad Water Services, Incorporated
4. Filipino Metals Corporation
5. Manila North Tollways Corporation

Taon-taon na lang ay nararanasan ng ilan sa ating mga kababayan ang tubig baha tuwing may matinding pag-ulan o kung may na bagyo.

Kaya naman kahit ilang buwan pa ang bibilangin bago pumasok ang panahon ng tag-ulan, tiyak na handang-handa na ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa maaaring maging pananalasa ng mga darating na bagyo matapos i-upgrade ang mga kagamitan ng mga ahensyang pangunahing aalalay sa mga bahaing barangay.

Ayon sa tala ng Disaster Preparedness Office, 19 sa 33 barangay sa lungsod ang tinatamaan o naaapektuhan ng pagbaha.

Noong nakaraang taon, zero casualty ang naging report sa pananalasa ng Bagyong Maring na pinaigting pa ng Habagat. Pangunahing dahilan nito ay ang malawakang paghahanda ng pamahalaang lungsod katuwang ang aktibong pakikiisa ng mga mamamayan sa mga isinagawang flood drills at personal na konsultasyon ni Mayor REX Gatchalian sa iba't ibang ahensya.

Ngayong taon, nakapagsagawa na rin ang pamahalaang lungsod ng ilang mga training at seminar patungkol sa disaster preparedness, search and rescue, basic at advanced first aid at iba pang lifesaving techniques.



*Personal na minomonitor ni Mayor REX Gatchalian sa VC-C3 ang lebel ng baha sa iba't ibang panig ng lungsod.*

# Ever-ready Valenzuela

Nakaantabay na ang mga pangunahing kasangkapan sa pagsasalba at paglilikas, gaya ng fiber, plastic at rubber boats, life buoys, life vests, throwbags, water helmets at waterproof searchlights, ng Disaster Preparedness Office na nasa City External Services Office (CESO) Compound sa Brgy. Dalandanan.

Nakahanda na rin ang bagung-bagong mobile kitchen at mobile toilet & shower ng Alagang Valenzuelano Program na papakinabangan ng mga Valenzuelanong evacuee kung sila ma'y ilikas sa 97 opisyal na evacuation center sa lungsod.

Nakatakda na rin sa Mayo 1 ngayong taon ang full activation ng Valenzuela City Command and Coordinating Center (VC-C3) na magiging 'call center' ng lungsod sa mga sitwasyong nangangailangan ng agarang pag-aksyon o mga emergency. Ito rin ang nangangasiwa sa CCTV system ng lungsod na 24/7 na nakasubaybay sa lagay ng trapiko, nagmomonitor sa taas ng lebel ng baha at nakaantabay sa anumang krimen na nagbabadyang maganap. Ang VC-C3 ay matatagpuan din sa CESO Compound. Kung may mga katanungan o nais ipaabot sa mga naiulat na tanggapan, maaaring tumawag sa 352-2000. - *Michael L. Sangil*



*Ang mobile kitchen sa Valenzuela National High School noong manalasa ang Bagyong Maring, Agosto 2013.*





# Hapi ang Christmas nina lolo at lola

Sa kabila nang pagiging abala ng pamahalaang lungsod sa pagkalap ng tulong at pag-asiste sa mga biktima ng bagyong Yolanda bago sumapit ang Pasko noong nakaraang taon, hindi nito nalimutang pasayahin ang kapaskuhan ng mga senior citizen sa lungsod sa pamamagitan ng paghahandog ng munting pamasko.

Sa pamamagitan ng Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) at sa pakikipagtulungan ng City Social Welfare and Development Office (CSWD) at Public Information Office (PIO) sa lokal na pamahalaan, napasaya ang 30,699 senior citizen sa lungsod sa pamamagitan ng apat na araw na pamamahagi ng grocery items sa ikaapat na taon ng programang Pamaskong Handog Para kay Lolo at Lola, Disyembre 19 hanggang 22 sa 33 barangay sa buong lungsod.

"Sa susunod na taon, dadagdagan, pagbubutihin at pagtitibayin pa natin ang mga programang nakalaan para lalong maalagaan ang mga senior natin dito sa lungsod," ani Mayor REX. - *Beng S. Bautista*





*"Nagkaroon tayo ng ganitong proyekto dahil sa inyong mga ibinabayad na buwis. Ngayon, mas ligtas na ang mga kalsadang inyong daraanan. Mas magiging panatag na ang lahat kaya ang hiling ko lang ay pangalagaan natin ang mga ilaw na iyan."* - Mayor REX sa pagbubukas ng mga ilaw sa Brgy. Malinta, Nobyembre 2013.

# Mas maliwanag, mas ligtas

May badyet na mahigit P8 milyon, ang proyektong Pailaw sa Barangay ay nakapagbigay liwanag na sa 8 komunidad sa Brgy. Arkong Bato; 6 sa Brgy. Balangkas; 7 sa Brgy. Bignay; 1 sa Brgy. Bisig; 3 sa Brgy. Canumay West; 5 sa Brgy. Coloong; 1 sa Brgy. Dalandanan; 2 sa Brgy. Gen. T. De Leon; 3 sa Brgy. Isla; 13 sa Brgy. Karuhatan; 1 sa Brgy. Lawang Bato; 1 sa Brgy. Lingunan; 1 sa Brgy. Mabolo; 3 sa Brgy. Malanday; 7 sa Brgy. Malinta; 7 sa Brgy. Marulas; 1 sa Brgy. Maysan; 14 sa Brgy. Palasan; 2 sa Brgy. Parada; 2 sa Brgy. Pariancillo Villa; 8 sa Brgy. Paso de Blas; 6 sa Brgy. Pasolo; 1 sa Brgy. Polo; 1 sa Brgy. Punturin; 1 sa Brgy. Rincon; 11 sa Brgy. Tagalag at 5 komunidad sa Brgy. Ugong.

Inaasahang makatutulong ang nasabing proyekto sa pagpigil ng paglaganap ng mga krimen sa mga lugar na dating balot ng dilim. Kasalukuyan na ring ikinakabit ang mga pailaw sa nalalabing Barangay ng Bagbaguin, Canumay East, Mapulang Lupa, Poblacion, Veinte Reales at Wawang Pulo. Plano ng punong lungsod na makabitan ang lahat na mga panloob na eskinita at kalsada sa 33 barangay ng lungsod bago matapos ang taon.

- *Michael L. Sangil*


# Dagdag pwersa para sa disiplina

Sa pagpapanatili ng disiplina sa Valenzuela, binuo ang Task Force Disiplina para magbantay sa mga pasaway na sumasaliwa sa mga ordinansang pinaiiral sa lungsod.

Bilang pagpapatupad sa City Ordinance No. 92, Series of 2013 na naipasa noong Oktubre 14, 2013 na isinulat ni Councilor Charee M. Pineda, ang mga deputized enforcer ng Task Force Disiplina o City Ordinance Police na hinirang ng punong lungsod, REX Gatchalian sa pamamagitan ng rekomendasyon ng punong barangay ay kinabibilangan ng mga opisyal ng barangay at mga pribadong indibidwal upang mag-asiste sa pagpapatupad ng mga ordinansa sa lungsod. Awtorisado silang manghuli ng mga taong lumalabag sa batas na nabanggit.

Iisyuhan ng Ordinance Violation Receipt (OVR) ang sino mang mahuhuling lumabag at makikita ito sa kanyang police record. Ang mga negosyanteng violator naman ay hindi makapagre-renew ng kanilang business permit hanggat hindi nakaklaro ang kanilang record.

May kaukulang multa ang bawa't violation na dapat bayaran sa City Treasurer's Office upang malinis ang record ng violator. Kung ang enforcer naman ay nagpakita ng hindi kagandahang asal, maaari itong makilala sa pamamagitan ng numerong nakasulat sa kanyang uniporme at i-report sa info@valenzuela.gov.ph. -*Beng S. Bautista*



Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
Metropolitan Manila
TASK FORCE DISIPLINA
OVR NO. ______
ORDINANCE VIOLATION RECEIPT

NAME
ADDRESS

- [ ] TAPAT KO, SAGOT KO ORDINANCE NO. 95 SERIES OF 2013
- [ ] THE VIDEOKE AND OTHER DEVICES OF SIMILAR NATURE REGULATORY ORDINACE NO. 102 SERIES OF 2013
- [ ] LIQUOR REGULATION ORDINANCE; NO. 066 SERIES OF 2007, AS AMENDED
- [ ] TOBACCO REGULATION ORDINANCE; NO. 67 SERIES OF 2012
- [ ] BILLIARD REGULATION ORDINANCE; NO. 42 SERIES OF 2008
- [ ] INTERNET REGULATION ORDINANCE; NO. 13 SERIES OF 2011
- [ ] RUGBY AND OTHER SOLVENT REGULATION ORDINANCE; NO. 05 SERIES OF 2010
- [ ] CITY TAX ORDINANCE NO. 12 SERIES OF 1992
- [ ] SOLID WASTE MANAGEMENT
- [ ] JAY-WALKING REGULATION ORDINANCE; NO. 63 SERIES OF 2012
- [ ] ILLEGAL POSTING OF STREAMERS POSTER, BILLBOARDS ADVERTISING ORDINANCE; NO. 009 SERIES OF 2004
- [ ] BANNING THE USE AND SALE OF METAL CLEANERS REGULATION ORDINANCE; NO. 07 SERIES OF 2010
- [ ] NIGHT-TIME BAN POLICY FOR MINORS ORDINANCE; NO. 13 SERIES OF 2008
- [ ] DRINKING LIQUOR IN ALL PUBLIC PLACES ORDINANCE; NO. 97-45 SERIES OF 1997
- [ ] SIDEWALK VENDOR ORDINANCE; NO. 181 SERIES OF 1991
- [ ] PLAYING OF VIDEO GAMES REGULATION ORDINANCE; NO. 40 SERIES OF 2000
- [ ] OTHER ORDINANCES ______

You are hereby directed to report to the TASK FORCE DISIPLINA within 5 days from date of apprehension for disposition/appropriation action

RECEIVED BY | DATE TIME
PLACE
APPREHENDING OFFICE
SIGNATURE OF APPREHENDING OFFICER



*Sa kasalukuyan ay mayroon na itong 147 enforcers na nakatalaga sa iba't ibang barangay sa lungsod. Ayon kay Mayor REX, layon ng pamahalaang lungsod na maging malawakan ang pagpapatupad ng mga ordinansang pinaiiral sa lungsod at hindi nakasulat lamang ng maganda sa papel.*




Nagpatuloy sa Valenzuela City ang ikapitong yugto ng Ronda Pilipinas International na nilahukan ng 82 Filipino at dayuhang siklista, Pebrero 8, 2014. Nagkaroon ng pagkakataon ang may 200 siklistang Valenzuelano na makalahok sa nasabing kumpetisyon sa ilalim ng local criterium.

Ang local criterium race ay nagtapos sa Balagtas, Bulacan, habang ang 82 opisyal na mga kalahok ay nagpatuloy patungong Tarlac City. *-Michael L. Sangil*

# MGA SIKLISTA GINUHITAN ANG VALENZUELA

Ronda Pilipinas



# Mga Seksing tsikot, 2014

Namangha ang mga magkakapamilya, magkakabarkada at iba pang mga nagsidayo sa unang Valenzuela City Car Show na ginanap sa City Hall grounds, Peb. 22. Sa pakikipagtulungan ng pamahalaang lokal, JSK Auto Paints and Motor Works sa pangunguna ni Johnson Tan at ng tanggapan ni Alay Buhay Partylist Rep. Wes Gatchalian, may 130 kotse ang itinanghal na nagpapamalas ng kakayahan ng Pinoy sa automechanic, automotive painting , car design at car audio engineering. Nagtabi ang mga BMW, Corvette, Jaguar, Mini Cooper, Mustang, Porsche sa mga novelty car, 4WD, vintage Beetle, stylized owner-type jeep at mga magagarang sedan. *-Mark Cayabyab*

1st Valenzuela Auto Show



# Dagundong sa Astrodome

Bilang pasasalamat sa lahat ng Valenzuelanong buong pusong nakiisa sa isinagawang kampanya ng pamahalaang lungsod sa pagtulong sa mga bayan sa Kabisayaan na tinamaan ng matinding lindol at hinagupit ng Super Bagyong Yolanda, naghandog si Mayor REX Gatchalian ng isang konsyerto na ginanap sa Valenzuela City Astrodome, Enero 25, 2014. *-Michael L. Sangil*



*Naiuwi ng isang maswerteng audience ang grand prize na tricycle sa isinagawang raffle ng mga papremyo sa gabi ng konsyerto.*



*Literal na dumagundong ang Astrodome sa lakas ng mga hiyawan ng mga dumagsang manonood.*

*Pinangunahan ng rapper na si **Gloc-9** at ng bandang **Parokya ni Edgar** ang kasiyahan na nagpahiyaw sa mga kabataang sumugod sa concert.*




*Mga bata ng Bahay Kalinga habang umiindak sa masayang kanta.*


# Birthday treat ni Mayor REX

Ipinagdiwang ni Mayor REX Gatchalian ang kanyang kaarawan kasama ang mga kabataan at nakatatanda na nasa pangangalaga ng Bahay Kalinga at Bahay Pag-asa, Enero 30, 2014. Sa tulong ng City Social Welfare and Development Office at SM Foundation, nakatanggap sila ng regalo. Nagkaroon din ng palaro para sila aliwin.

Dagdag pa rito, namahagi rin ng mga cake at fruit baskets si Mayor REX para sa kanyang mga ka-birthday na ginanap sa Brgy. Marulas. Mga munting paraan para pasayahin ang mga Valenzuelano sa kaarawan ng alkalde. *-Mark Cayabyab*



*Kinukumusta ni Mayor REX ang isang senior citizen na kliyente ng Bahay Kalinga.*



# Valenzuela para sa Visayas

Noong nakaraang taon, nasaksihan ng buong mundo ang malawakang epekto ng bagyong Yolanda sa ating mga kababayan sa Kabisayaan. Matatandaang isa ang Valenzuela City sa mga pinakaunang nagpaabot ng tulong sa mga nasalanta nating kababayan.

Naipadala ang unang relief mission Nobyembre 15 noong nakaraang taon. Dito ay nakapagbigay ng mahigit 16,000 relief packs at P1.3 milyong halaga ng mga gamot sa dalawang adopted town ng Valenzuela – ang Basey at Marabut sa Western Samar.

## Isang Pagsaludo sa Bayanihang Valenzuelano



Medical mission sa bayan ng Basey sa Western Samar, Nobyembre 18, 2013.



Ilang volunteer na mga guro sa repacking ng relief goods bilang bahagi ng "Oplan Western Samar," Nobyembre 14, 2013.



Tulung-tulong ang mga kawani ng pamahalaang lungsod at mga volunteer na dumagsa sa City Motorpool sa repacking ng mga relief goods para sa ating mga kababayan sa Visayas, Nobyembre 14, 2013.

Ang ikalawang relief team ay ipinadala noong Nobyembre 26 ng kaparehong taon. Nakapaghandog ang grupo ng 2,400 food packs, 2000 mosquito net, 9,850 supot ng mga damit, 4000 pares ng mga tsinelas at 2,000 lona sa mga apektadong residente.

Nakapagtayo din ng dalawang bunkhouse sa Binocyahan at Tinabanan, mga barangay sa bayan ng Marabut.

Nakapaghatid naman ng 20,000 relief goods sa huling relief mission na ipinadala noong Enero 23 ngayong taon. Ang mga naipadalang tulong ay bunga ng sama-samang pagtutulungan ng bawat Valenzuelano na napatunayang bukas ang mga palad para sa mga tunay na nangangailangan. *-Michael L. Sangil*











# TINDOG BOHOL

Nagpaabot din ng tulong pinansyal ang pamahalaang lokal ng Valenzuela City sa 32 local government units sa lalawigan ng Bohol matapos itong salantahin ng 7.2 magnitude na lindol ng nakaraang taon. May kabuuang P6,450,000 mula sa Local Disaster Risk Reduction and Management Fund (LDRRMF) ang tulong na natanggap ng mga Boholano sa bisa ng City Council Approved Resolution No. 369, ng Oktubre 21, 2013. Dalawandaang katao ang patay at nasa P2.5 bilyon ang tinatayang halaga ng mga nawasak na ari-arian at imprastruktura sa trahedya, kabilang ang mga National Cultural Treasure.

Nagpadala rin ng isang Rescue Team ang lungsod para tumulong sa clearing and retrieval operations doon.

*-Mark Cayabyab*








## Pagdamay at Panalangin, Regalo sa Kapaskuhan

Imbes na isang magarbong Christmas tree at party na bumabaha ng mga regalo at pa-raffle, taimtim na panalangin at isang simpleng pagdiriwang ng Kapaskuhan ang isinagawa ng mga empleyado ng City Hall bilang pakikiisa sa mga nasalanta ng supertyphoon Yolanda sa Western Visayas. Mas naging payak ang tradisyunal na Tree of Hope sa tapat ng City Hall at ang natipid na pondo ay ginamit para pandagdag na tulong sa mga biktima ng pinakamalakas na bagyo sa kasaysayan. *-Mark Cayabyab*





# Sagipin ang Biktima, Dagitin ang Nambibiktima

Ito ang isa sa mga solusyon ng pamahalaang lungsod at Valenzuela PNP sa malaking suliranin ng lungsod na siya ring malaking suliranin ng iba pa, ang ilegal na droga. Ito ang isa sa mga dahilan ng lumolobong kriminalidad sa lipunan bukod sa nakasisira pa ito ng kalusugan.

Sa pangunguna ni Valenzuela City Police Chief PSSUPT Rhoderick Armamento, binuo ang *Sagip-Dagit*, kampanya laban sa ilegal na droga. Ayon sa hepe, dapat lamang na sagipin ang mga nabiktimang nalululong sa droga lalo na ang kabataan dahil sa pagtutulak ng mga nambibiktima na siya namang dapat dagitin.

Sa ilalim ng direktiba ng Sagip-Dagit Task Group, magkatuwang ang Valenzuela Station Anti-Illegal Drugs, Special Operation Task Group (SAID-SOTG) at Valenzuela City Drug Abuse Council (VADAC), sa pagpapatupad ng mga istratehiyang nakapaloob sa programang ito.

Naaresto ang 120 kataong nagtutulak at gumagamit ng mga ipinagbabawal na gamot partikular na ang shabu at marijuana simula Hulyo 2013 hanggang Marso 2014. Nahatulan na ang 12 dito sa paglabag sa Article II Republic Act 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act, habang 181 kaso pa ang naisampa sa loob ng nasabing panahon.

Gaya ng layon ng kampanya, nairekomenda naman sa mga rehabilitation center ang 24 kataong gumagamit ng droga sa pamamagitan ng VADAC at 50 naman ang nai-refer ng SAID upang masagip ang mga ito sa kanilang pagkakalulong sa droga.

Ang mga naeendorso sa pampublikong rehabilitation center at mga boluntaryong walang pinansyal na kakayahan ay nakatatanggap ng financial assistance na P3,000 mula sa VADAC at P3,000 mula sa City Social Welfare and Development (CSWD). -Beng S. Bautista



Ilan sa mga nahuling nagbebenta at gumagamit umano ng ipinagbabawal na gamot na iprinisinta sa media, Enero 7, 2014 sa City Hall.

| BILANG NG MGA PULIS | |
|---|---|
| June 2013 | 411 |
| March 2014 | 486 ↑ |

Source: City Police Station



Si Alyas "Ompong" matapos maaresto

## 3 sa most wanted ng PNP laglag

Kasalukuyang nakapiit sa Valenzuela City Jail ang tatlo sa listahan ng most wanted persons matapos ang ilang taong pagtatago ng mga ito sa batas.

Sa loob lamang ng tatlong buwan mula sa unang araw ng paglilingkod ni Mayor REX bilang punong lungsod, sunod-sunod na nalaglag sa kamay ng lokal na kapulisan ang mga suspek dahil sa mahigpit na direktiba ng alkalde at sa mga epektibong istratehiyang ginamit ng city police.

Kabilang sa tatlong ito sina Pascual R. Bernardo, Jr., alyas Ompong, ang numero uno sa Top 10 Over-all sa Most Wanted Persons ng Northern Police District (NPD). Nahuli si Bernardo noong Oktubre 7, 2013 at kinakaharap ang dalawang kaso ng murder.

Kasama din sa mga nasakote si Ryan M. Obaldo, ika-10 sa Most Wanted sa Valenzuela City na nahuli noong Hulyo 5, 2013 dahil sa kasong murder. Samantala, nasa ika-20 sa Most Wanted ang naarestong si Danilo M. Rosario noong Agosto 1, 2013 dahil sa apat na kasong robbery. -Beng S. Bautista

## Bantay ko, klasmeyt ko

Hinamon naman ng Students Anti-Drug Abuse Council (SADAC) ang kakayahan at galing ng kabataan mula sa iba't-ibang paaralan sa lungsod na gamitin ang kanilang abilidad at kakaibang ideya para sa ikalulutas ng mga suliraning may kinalaman sa droga.

Dito ay maagang iminumulat ang kabataan sa pagsugpo, pag-iwas at paggawa ng mga solusyon sa problemang droga sa lipunan. Unti-unti rin silang nasasanay sa pagiging responsableng kabataan hindi lamang laban sa droga kundi ang pakikiisa sa pamahalaan na makapagbahagi nang kani-kanilang mga sariwang ideya laban sa bisyong ito.

Ang bawa't paaralan sa lungsod ay may pangkat ng opisyales at miyembro nito na nagsisilbing mata sa mga kahina-hinalang mga gawain sa kanilang paaralan. Malaking ambag ang naibibigay nito sa mga kinauukulan sa pamamagitan ng kanilang pagrereport upang maagang mapigilan at mailayo ang mga kabataang ito sa droga. -Beng S. Bautista



# Valenzuela Day na naman ba kamo?

## Huwag malito, alamin ang pinagmulan mo

### February 14
**City Charter Day**

Pebrero 14, 1998 nang lagdaan at aprubahan ni dating pangulong Fidel V. Ramos ang Republic Act No. 8526 na nagsasaad na ang Valenzuela ay maging isang lungsod mula sa pagiging isang munisipalidad.






### July 11
**Anibersaryo ng Kapanganakan ni Dr. Pio A. Valenzuela**

July 11, 1869 nang ipanganak ang "Dakilang Anak ng Lungsod" na si Dr. Pio A. Valenzuela. Siya ang manggagamot ng Kataastaasan, Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) at isa sa sa tatlong pinakamataas na opisyal ng samahan. Siya rin ang naging sugo ng Katipunan sa Mindanao upang konsultahin si Dr. Jose Rizal sa planong himagsikan. Taong 1956 nang siya ay bawian ng buhay. Sa bayaning ito hinango ang pangalan ng ating lungsod.


### November 12
**Araw ng Valenzuela**

Nobyembre 12, 1623, itinatag ang Pueblo de Polo bilang isang nagsasariling bayan at parokya, kasabay ang Araw ng Kapistahan ni San Diego de Alcala, ayon sa dokumentong mula pa sa panahon ng mga Kastila. Pinagtibay ang pagkilala sa yugto ng kasaysayang ito ng Ordinansa Blg. 55, Serye ng 2012 na ipinasa ng Sangguniang Panlungsod at rekomendasyon ng National Historical Commission of the Philippines.



**Ang mga kasaysayang nabanggit ay mahalagang maging bahagi ng buhay ng bawa't Valenzuelano noon, ngayon at sa mga darating pang panahon. Hindi lamang ang pagiging holiday o walang pasok ang dapat pagtuunan ng pansin kundi ang kahalagahan ng ating pinagmulan.** -Beng S. Bautista

# Summer Saya sa Valenzuela



Ballet and Theater Acting Workshop

Kung ano ang itiningkad ng asul sa langit nitong tag-araw ay siya namang naging makulay ito para sa mga Valenzuelano dahil sa mga programang patok.



Violin Workshop



Arts Workshop

Naging produktibo ang dalawang buwang bakasyon ng mga kabataan sa ikaanim na taon ng Summer Arts Workshop na kinapalooban ng pagsasanay sa pag-arte, pagkanta, pagsayaw ng ballet, pagpinta, pagguhit at pagtugtog ng drums at gitara.

Nagtagisan din ng galing sa paghuli ng naglalakihang bangus at tilapia ang mga nagsilahok sa ikaanim na Fun Fishing Tournament na ginanap sa Kap. Larry's Pond sa Brgy. Coloong, Abril 7, 2014.



Fun Fishing Tournament

# Ang Konseho



***PAUNAWA***

Ang patnugutan po ng ***Valenzuela Ngayon*** magasin ay namahagi ng liham sa tanggapan ng Vice Mayor, 12 konsehal ng bayan at Liga ng mga Barangay President na bumubuo ng Sangguniang Panlungsod upang sila ay makapagbahagi ng kani-kanilang mga proyekto at programa. Ang mga mababasa sa kolum na ito ay ang mga tanggapan lamang na nagpahatid ng kanilang kasagutan. Sinubukan din po ng pamunuan na makapagbigay pa ng karagdagang panahon para sa mga hindi pa nakapagpapaabot ng kanilang bahagi subalit wala pong natanggap ang ***Valenzuela Ngayon***. Para sa inyong mga katanungan, makipag-ugnayan lamang sa Public Information Office sa numerong 352-1000 loc. 1102 / 1132.



***Vice Mayor Eric Martinez***
*Lungsod ng Valenzuela*

Malugod kong binabati ang aking mga mahal na kapwa taga-Valenzuela.

Mabilis na lumipas ang nakaraang walong buwan mula ng ako ay muli ninyong iniluklok sa pwesto. Sa mga panahong iyon ay sinikap kong mapagsil-bihan kayo ng naaayon sa pagtitiwalang ibinigay ninyo sa akin.

Bilang pangalawang ama ng Lungsod ng Valenzuela, maayos at matagumpay nating pinamunuan ang Sangguniang Panlungsod. Ang inyong lingkod ang naging lider ng ating mga konsehal ng bayan sa pagpapasa ng mga makabuluhang resolusyon at ordinasang kapaki-pakinabang sa bawat mamamayang Valenzuelano.

Hindi tayo nagpahuli sa paglulunsad ng mga proyektong aagapay sa mga mamamayan. Sunud-sunod na mga medical missions ang ating isinakatuparan sa bawat sulok ng ating lungsod. Nagkaroon tayo ng mga eye clinic at libreng salamin, mga dental mission, sports clinic at basketball leagues, pagpapasaayos ng iba't ibang basketball courts sa ating lungsod at maging libreng bakuna at anti-rabies para sa ating mga alagang hayop. Sinikap ko din pong makatulong sa mga paaralan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kagamitan tulad ng computer at school supplies at bags para sa ating mga estudyante.

Napakahalaga po na ating maisulong ang kahalaghan ng edukasyon at tamang kalusugan sa ating pamayanan.

Sinikap ko din pong maisulong ang pag-unlad ng ating bayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng training sa "English Proficiency" at "Call Center Training." Napakahalaga na maiangat ang kagalingan ng kabataan lalo na sa panahon na marami ang naghihirap.

Lagi din po tayong nakaantabay na tumulong sa mga biktima ng sakuna habang nananalangin na sana ay di na muling maulit ang dinanas na paghihirap ng mga nakakaawang kababayan.



Sa hinaharap, sana po ay lalo ko kayong mapagsilbihan, mabigyan ng pag-asa at maging mas karapat-dapat sa pagtitiwala na inyong patuloy na ibinibigay sa akin. Ang tangi ko pong hangarin ay maging kalugud-lugod sa inyo at sa mata ng ating Panginoon.



***Councilor Marlon Alejandrino***
*Unang Distrito*

Una po sa lahat, isang mapagpalang araw po sa inyo mga idol kong Valenzuelano.

Sa aking ikalawang termino bilang konsehal, aking ipinagpatuloy ang mga proyekto para sa ating mga komunidad tulad ng supplemental feeding, pamaskong handog para sa mga senior citizens at libreng sine.

Ang inyong lingkod din ay nag-akda ng mga kapaki-pakinabang na ordinansa. Isa sa mga ito ay isang katusan na itinatakda ang Hulyo 27 bilang Araw ng Iglesia ni Cristo at gawin itong Special Working Holiday sa Lungsod ng Valenzuela. Ang inyong lingkod din ang nag-akda ng ordinansa na nagbabawal sa pagpapatakbo ng mga peryahan at karnibal, kabilang ang mga rides at palarong hatid nito, saan mang sulok ng lungsod. Dahil sa likas na mapanganib ang mga rides bunga ng mahinang pundasyon ng mga ito, layon ng nasabing ordinansa na mapangalagaan ang kaligtasan ng publiko.

Nag-akda rin ang inyong lingkod ng isang kapasyahan na kikilala sa mga lehitimong samahan o mga non-governmental organization (NGO). Ito ay akreditasyon ng mga NGOs na ligal na nag-ooperate sa Lungsod ng Valenzuela upang mapangalagaan at maproteksyunan ang mga miyembro nito at ang mga mamamayan laban sa bogus o pekeng mga kahalintulad nito.

Sa kasalukuyan ay aking isinusulong ang isang ordinansa na magbibigay diin sa gampanin ng mga magulang sa paggabay sa kanilang mga anak, ang Parental Authority and Responsibility na naglalayong paigtingin ang kinabukasan ng mga menor de edad at pagbibigay katatagan at kaalaman sa halaga sa kanilang patnubay.

Ako rin po ang kasalukuyang officer-in-charge o hepe ng Youth Development Office na nangangalaga at pangunahing sumusuporta sa mga pangangailangan ng mga kabataan upang mas lalo pang mapalakas ang kanilang mga angking talento at kakayahan.

Ang inyong lingkod din po ang bagong halal na Executive Vice-President ng National Movement of Young Legislators (NMYL). Ang NMYL ay isang samahan ng mga batang mambabatas sa buong Pilipinas na binubuo ng mga batang Vice-Governor, Board Member o Bokal, Vice-Mayor, at mga Konsehal. Karangalan ko po na kayo ay aking mapaglingkuran at ang buong Republika ng Pilipinas.





***Councilor Cora Cortez***
*Unang Distrito*

Bilang pasasalamat sa muling pagtitiwala na binigay ng mamamayan ng Lungsod ng Valenzuela, narito ang aking mga ordinansa, mga proyekto at programa mula noong Hulyo 2013 hanggang sa kasalukuyan na patuloy na isinusulong, ibinabahagi at ibinabalik sa ating mga taga-Valenzuela.

Ang inyong lingkod ang nag-akda ng mga resolusyon na sumusuporta at lalo pang nagpapalakas sa mga kooperatiba sa Lungsod ng Valenzuela.

Ang inyong lingkod po ang gumawa ng resolusyon na humihiling sa ating mga punong barangay na maglaan ng pondo bilang suportang pinansyal sa kani-kanilang mga barangay senior citizens facilitator.

Maliban sa mga ito, ako po ay kasamang may-akda ng may 39 na iba pang mga resolusyon o kapasyahan.

Sa kasalukuyan ay ating isinusulong ang ilang mga panukalang ordinansa na papakinabangan ng lahat ng Valenzuelano, saklaw ang anumang edad. Isa sa mga ito ay ang pagbibigay proteksyon sa ating mga senior citizen laban sa anumang uri ng pang-aabuso, pisikal man o berbal. Tayo rin po ang nag-akda ng ordinansa na naglilimita sa paglahok ng mga kabataan sa mga pampublikong palabas, patimpalak o anumang aktibidad upang mapangalagaan ang kanilang mga karapatan.



Ang inyong lingkod ang pangunahing nagsusulong ng ordinansa na naglalayong kumilala sa ating lungsod bilang Aerobics Capital ng bansa.

Tayo ay naglunsad ng proyekto gaya ng Balik Eskwela Program na nakapagpamahagi ng mga bag at school supplies sa iba't ibang mga paaralan at nagkaloob ng mga scholarship sa mga mag-aaral sa elementarya, highschool at kolehiyo.

Atin din pong kinilala at pinagkalooban ng cash incentive ang mga centennial senior citizens sa ating lungsod bilang bahagi ng pagdiriwang ng Senior Citizens Month. Nakapagsagawa ng bowling competition kalahok pa rin ang mga senior citizen at mga kababaihang Valenzuelano at pinangunahan po natin ang paglulunsad ng mga aerobics session sa mga barangay.

Mayroon din po tayong mga programang pangkabu-hayan tulad ng pagsasagawa ng mga libreng training ng therapeutic massage at seminar sa paggawa ng empanada, chocolate, candy at polvoron. Nakapag-tayo din po tayo ng ispesyal na Livelihood Training Center sa Sitio Balubaran, Brgy. Malinta na pinagda-dausan ng mga nasabing seminar.



***Councilor Ramon Encarnacion***
*Liga ng mga Barangay*

Sa panahon ng aking panunungkulan bilang pangulo ng Liga ng mga Barangay ng Valenzuela City, halal na NCR Board of Director at Ex-Officio Councilor ng lungsod, una kong sinikap na magsabatas ng mga kautusan at kapasyahang kapaki-pakinabang sa mamamayang Valenzuelano.

Isa dito ay ang ordinansa na naglalayong maisaayos ang sistema at gawi ng mga pedestrian na dumadaan sa mga highway at mga pangunahing kalsada sa lungsod upang mailayo sila sa anumang kapaha-makan at mapanatili ang disiplina sa bawat isa.



Ang inyong lingkod din po ay nag-akda ng ordinansa ukol sa paggawa ng 'uniform house numbering system' sa bawat barangay ng Valenzuela City.

Isa pa sa mga ordinansang pinakinabangan ng ating mga kababayan, higit nang mga mamamayan ng Barangay Canumay ay nang mahati ito sa dalawang bagong barangay na kilala ngayon bilang Barangay Canumay East at Barangay Canumay West. Ang paghahating ito ang lalo pang nagpaigting sa pagsulong ng nasabing barangay.

Bukod sa mga ordinansang pinagtibay, marami ding kapasiyahan ang ginawa ng aking tanggapan.

Hindi rin po tayo nagpahuli sa paglulunsad ng mga proyekto at programa na pangunahing nakapatung-kol sa pag-unlad ng 33 barangay ng lungsod.

Nakapaglunsad po tayo ng general orientation para sa mga bagong halal na mga barangay officials ng Valenzuela City. Mayroon ding training seminar para sa mga lupon tagapamayapa, mga barangay tanod, mga sekretarya at treasurer ng barangay.

Nakapaglunsad din po tayo ng training seminar para sa disaster preparedness, teambuilding seminar para sa mga miyembro ng barangay council, at inter-barangay bowling tournament.

Tayo din po ang nagsaayos ng sistema ng paghahalal ng mga pamunuan ng bawat samahang TODA (Tricycle Operators and Drivers Association) sa lungsod.

Tayo po ay palagiang nakasuporta sa lalo pang ikatatatag at ikauunlad ng bawat Valenzuelano at ng ating mahal na Lungsod ng Valenzuela.



***Councilor Tony Espiritu***
*Unang Distrito*

Taong 2008, sa ilalim ng pamumuno ng dating punong lungsod at kasalukuyang kinatawan ng unang distrito na si Congressman Sherwin Gatchalian hanggang sa kasalukuyan sa pamumuno ng ating Kgg. na Punong Lungsod REX Gatchalian, sa bisa ng isang executive order ay naitatag ang Task Force on Fraternities and Gangs Intervention and Prevention o mas kilala sa tawag na "TAFFGIP" at ako na isang konsehal ng lungsod ay kanilang hinirang bilang Action Officer. Ito ay naglalayong pag-isahin ang mga fraternity at gang sa ating lungsod.

Nagsimula ito sa isang masinsinang pakikipagta-lastasan sa mga pinuno ng pinakamalalaking fraternity: Tau Gamma Phi, Alpha Kappa Rho at Magic 5 Brotherhood Association, Inc. at apat na nakilalang gangs: True Brown Style, West Side Islanders, Temple Street Thirteen at ang MAC 10.

Nagkaroon ng sunud-sunod na pagpupulong sa bawat kapatiran na ang layunin ay maiparating sa kanila ang hangarin ng TAFFGIP.

Matapos ang mga paghahanda, naisagawa ang kauna-unahang 5-day Search and Rescue Training ng TAFFGIP noong Pebrero 23 hanggang Marso 9, 2014 sa Pulo River, kalahok ang piling miyembro ng tatlong malalaking fraternities sa lungsod. Ito ay naging ganap dahil sa pakikipagtulungan ng Valenzuela City Rescue Unit. Ang adhikain ng programang ito, maliban sa paunlarin ang kanilang kakayahan at pagkatao ay gawin silang katuwang ng Lokal na Pamahalaan na tutulong sa panahon ng kalamidad at oras ng pangangailangan. Lingid sa kaalaman ng karamihan, ang TAFFGIP ay ang kauna-unahang samahan ng mga magkakaibang kapatiran at gangs sa buong NCR, maging sa buong Pilipinas.




Maliban sa pagiging konsehal ng lungsod at Action Officer ng TAFFGIP, ang inyong lingkod ay humahawak pa ng mga mahahalagang tanggapan katulad ng: Action Officer ng Valenzuela Anti-Drug Abuse Council at Valenzuela City Tripartite Industrial Peace Council; at miyembro ng Disiplina Village, Local Inter Agency Committee at Valenzuela City Tricycle Franchise Regulatory Board.



## Councilor Jenny Pingree – Esplana
Unang Distrito

Bilang chairwoman ng Committee on Women and the Family, ang pangunahing advocacy ko ay may kinalaman sa karapatan at welfare ng mga kababaihan, bata at kabataan. Isa sa mga primary concerns ng mga kababaihan, lalo na ang mga nanay ay ang kanilang kalusugan at ang kalusugan ng kanilang mga anak. Ang goal ko, which I guess is also the goal of the city government, ay palakasin ang primary healthcare. Importante ang hospital, ang tertiary healthcare, pero higit na mahalaga ang prevention: ang pagtiyak na hindi magkakasakit ang mga kababaihan at bata. Marami ring sakit na puwedeng tugunan agad sa bahay lang, bago pa ito lumala. Ito ang essence ng healthcare.

Trabaho ng mga barangay health workers ang pagsusulong ng primary healthcare kaya isa sa mga ordinance na isinulong ko ay ang itaas ang kanilang allowance at benefits. Sa pamamagitan nito ay makaka-respond nang mahusay ang BHWs sa ating mga center at magiging malusog ang ating kababaihan.

Binabantayan din natin ang kalusugan ng ating mga mamamayan sa pamamagitan ng ginagawa nating regular na aerobics session sa bawat barangay.

Isinusulong rin natin ang pantay na pag-unlad ng mga kababaihan, kasabay ng mga kalalakihan. Bilang chair ng Gender and Development Council, tinitiyak natin na may pondong nakalaan para sa pagbibigay ng pantay na opportunities sa kababaihan at kalalakihan sa larangan ng kalusugan at employment.




Isinulong ko ang Anti-Human Trafficking Ordinance upang mapangalagaan at hindi maabuso ang mga kababaihan at kabataan.

Ako rin ang chair ng Committee on Arts and Culture. Bilang paghahanda sa ating 400th year bilang isang bayan, inaayos natin ang ating mga cultural landmarks tulad ng bahay ni Dr. Pio Valenzuela at ang Arkong Bato at ilan pang istrukturang may cultural at historical significance.

Marami pa tayong kailangan gawin hindi lang para sa kababaihan, kundi para sa lahat ng ating mamamayan.



## Councilor Rovin Feliciano
Unang Distrito

Magandang araw po sa inyong lahat.

Sa loob po ng walong buwan na aking panunungkulan simula nang ako ay mahalal bilang konsehal ng unang distrito ng Lungsod ng Valenzuela ay sinimulan na rin po natin ang pagbibigay ng mga makabuluhang proyekto na higit na pakikinabangan ng ating mga kababayan.

Kabilang po dito ay ang paglulunsad ng Trabaho Caravan sa mga Barangay ng Punturin, Canumay East at West, Lingunan at Polo Area kung saan umabot sa mahigit 500 Valenzuelano ang nabigyan ng trabaho.

Sa larangan naman ng kalusugan, nariyan po ang medical mission sa Barangay Bignay na nagkaroon ng 1,000 beneficiaries. Nagkaroon din po tayo ng feeding programs sa iba't ibang barangay at assistance sa mga nasunugan at relief operation sa mga naapektuhan ng Habagat noong 2013.

Napili din tayong maging Hermano Mayor sa Pista ng Polo na nagtampok ng mga programa gaya ng DepEd Cultural Dance Contest, Valenzuela Got Talent, Feeling Pogi, San Miguel Concert, Fiesta Jamboree at iba pa.

Nitong Enero lamang ay nakapagbigay tayo ng 550 pasaporte sa ating mga kababayan sa ginanap na Mobile Passporting sa SM Valenzuela.

Hindi rin tayo nagpahuli sa pagsusumite ng mga ordinansa sa Sangguniang Panlungsod. Ang inyong lingkod ay nag-akda ng pagbabawal ng paggamit ng cellphone o anumang uri ng wireless na communication device habang nagmamaneho sa loob ng hurisdiksyon ng Valenzuela City.



Tayo po ang nag-akda ng ordinansa na nag-aatas sa lahat ng paaralan sa Lungsod ng Valenzuela na maghain ng mga masusustansyang pagkain na makakatulong sa kalusugan at pangkabuuang kagalingan ng bawat mag-aaral. Ako rin po ang gumawa ng isang resolusyon na humihiling sa ating punong lungsod na atasan ang ilang ahensya ng pamahalaang lokal na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa maaring maging epekto sa Lungsod ng Valenzuela ng isang bagyong Yolanda.

Patuloy din po ang ating pagpapahiram ng libreng videoke sa ating mga kababayan nang sa gayon ay hindi na kailangang gumastos pa sa pag-arkila nito tuwing may okasyon sa kanila.



## Councilor Kim Galang
Ikalawang Distrito

Minamahal kong mga Valenzuelano, isang taos-pusong pasasalamat po sa tiwala at suportang ipinagkaloob ninyo sa akin bilang inyong konsehala sa unang pagkakataon. Kasalukuyang pinapalago at dinaragdagan ng inyong lingkod ang mga proyektong nasimulan sa larangan ng edukasyon, pangkalusugan at pangkabuhayan. Ako din ay sumusuporta lalo't higit sa mga programang pangkabataan, pampamilya at pangkababaihan. Sa loob po ng walong buwan ng aking panunungkulan, akin pong ilalahad ang ilan sa aking mga nagawa, partikular sa ikalawang distrito.

Narito ang ilan sa aking mga naisakatuparang programa: Scholarship program: "Edukasyon ay KIMportante!" – ang programang ito ay nakapagbigay ng libreng serbisyong pang-edukasyon sa humigit kumulang 100 mag-aaral ng Valenzuela Polytechnic College, Datamex Institute of Technology at Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela. Isa pa sa aking mga programa ay ang Mass Feeding Program: "Pa-Merienda ni Ate Kim" – ito ay programang pangkalusugan na inilunsad sa iba't ibang barangay para sa mga kabataang malnourished o kulang sa nutrisyon. Ito po ay isa sa aking mga hakbang sa pagbibigay ng kahalagahan sa kalusugan ng bawat mamamayang Valenzuelano.

Ang inyong lingkod ay nagsilbing pangunahing may-akda ng ordinansa na magsasaayos sa sistema ng pagkakabit o paglalagay ng mga billboard sa lungsod.



Kasama din po sa ating mga nagawa ang iba pang mga proyektong kaugnay sa Sangguniang Panlungsod at Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela. Patuloy din pong bukas ang aking tanggapan sa iba't ibang pangangailangan ng ating mga ka-distrito.

Nais ko din pong anyayahan ang lahat ng barangay ng ikalawang distrito na makilahok sa isinasagawang programang pangkabuhayan ng aking tanggapan gaya ng training sa meat processing at jewelry making. Maaari pong makipag-ugnayan sa aking tanggapan para sa mga detalye, tumawag sa 352-1000 local 1533.





## Councilor Lorie Natividad – Borja
Ikalawang Distrito

Nais kong gamitin ang pagkakataong ito upang magpasalamat sa inyong mga kababayan kong Valenzuelano sa isa pang pagkakataong ibinigay ninyo sa akin upang maglingkod muli bilang konsehal. Isang malaking karangalan para sa akin ang maging numero uno sa inyong listahan noong nakaraang eleksyon. Sa pamamagitan ng aking tapat na paglilingkod at sipag sa trabaho, kayo din ang una sa aking prayoridad at ito lamang ang paraan upang maibalik ko ang inyong tiwalang ibinigay sa akin.

Mapalad din akong napagkatiwalaan ng ating punong lungsod na maitakda bilang project director ng K-6 Citywide Feeding Program at action officer ng REXponsableng Serbisyo sa Edukasyon na kinapapalooban ng mga programa gaya ng training para sa ating mga guro, enrichment program para sa mga mag-aaral, parenting seminar, Balik Eskwela, at pamamahagi ng mga workbook para sa mga mag-aaral sa elementarya.

Ang inyong lingkod din po ang OIC ng Task Force on Out-of-School Youth at pinuno naman ng Livelihood Development Office na naglulunsad ng REXponsableng Serbisyong Pangkabuhayan gaya ng mga livelihood training sa iba't ibang barangay ng lungsod.

Ang tanggapan ng inyong lingkod ay may mga palagiang proyekto gaya ng scholarship program, Valenzuela's Big Fight Against Cervical Cancer, Youth for Life Rescue Volunteer Training, mga medical at dental mission, sagip mata, libreng gupit, libreng tule at iba pa.

Ang inyong lingkod ay naging author ng ilang mga batas gaya ng ordinansa na nag-expropriate ng lote para sa pagpapatayo ng Barangay Complex ng Bagbaguin at Ugong; bagong campus para sa Arkong Bato, Lingunan at Paso de Blas National High School, Ugong Elementary School at Valenzuela City School of Mathematics and Science; expansion ng Mapulang Lupa Elementary School, Sitero Francisco National High School at Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela; at lugar na pagtatayuan ng Valenzuela East Hospital. Ilan pa sa aking mga inakda ay ang ordinansa na nagtatakda sa Disiplina Village bilang flagship housing program ng lungsod; ordinansa sa private school regulation; ordinansa na nagpapalaganap sa Valenzuela Investments and Incentives Code; ordinansa sa Pedestrian Regulation; at ordinansa na kikilala sa Valenzuela City Science High School bilang bagong Valenzuela City School of Mathematics and Science na may bagong campus sa Brgy. Malinta.





## Councilor Lai Nolasco
Ikalawang Distrito

Simula ng manunungkulan ang inyong lingkod matapos mahalal noong nakaraang halalang lokal ng Mayo 2013 bilang konsehal ng Distrito 2 para sa ikalawang termino, aking isinulong ang mga lokal na batas at iba't ibang programa na may kinalaman sa serbisyong pangkalusugan dahil sa pagkakahirang sa akin bilang tagapangulo ng Lupon sa Kalusugan ng Sangguniang Panglungsod. Akin ding itinaguyod ang iba pang mga proyekto at mga ordinansa tungo sa maayos, maganda, matahimik na Lungsod ng Valenzuela.

Isa sa mga kapaki-pakinabang na programang ito ay ang pamimigay ng libreng gamot at walang bayad na konsultasyon at libreng iniksyon laban sa tigdas na nakapaloob sa aking programa sa "Medical Mission" sa bawat barangay ng Distrito 2. Sa ilalim naman ng aking programang "Feeding Program," tayo ay nakapagpakain ng mga kababayang nasalanta ng bagyo, baha at sunog at mga malnourished na kabataan at senior citizen. Sakop naman ng programang "Balik Eskwela," tayo ay nakapagkaloob ng school supplies sa mga mag-aaral gaya ng bags, notebooks, ballpens at pencils. Sa "Anti-Rabies Program," libreng iniksyon ng anti-rabies para sa mga aso at pusa. Ang inyong lingkod ay nagsasagawa rin ng konsultasyon, dayalogo at pamamahagi ng kaalaman para maiwasan ang paglaganap ng HIV at iba pang nakakahawang sakit. Tayo ay nakapaglunsad din ng kampanya kontra dengue.




Bilang bahagi pa rin ng aking katungkulan bilang tagapangulo ng Lupon sa Kalusugan, ang inyong lingkod ay nag-akda ng mga ordinansa gaya ng Tapat Ko, Sagot Ko Ordinance na naglalayong mapanatili ang kalinisan sa mga pamayanan sa pamamagitan ng pagkikintal ng disiplina sa bawat mamamayan. Ako rin po ang gumawa ng resolusyon sa pag-angkop ng lokal na pamahalaan sa National Health Insurance Program at ordinansa na sisiguro sa pagpigil ng paglaganap ng rabis ng mga hayop sa mga mamamayan ng Valenzuela. At kamay -akda ng iba pang resolusyon na may layuning mapaayos, mapalinis, mapalusog at mapatahimik ang buong Lungsod ng Valenzuela.

Ito po ang aking mga naisakatuparan sa loob ng walong buwang panunungkulan at ilan lamang ito sa talaan ng mga programang isasakatuparan sa loob ng tatlong taon.





## Councilor Charee Pineda
Ikalawang Distrito

Ang inyong lingkod ay kasalukuyang gumagampan sa atas ng tungkulin mula sa Sangguniang Panlungsod, pangunahin bilang chairman ng Anti-Drugs Abuse Committee; member ng Gender and Development Council (GAD); member ng Local School Board; member ng Anti-Drugs Abuse Council; member ng Valenzuela City Peace and Order Council (VPOC); member ng Local Council for the Protection of Children (LCPC); member ng Commission on Human Rights, Committee on Consumers Affairs and Price Control, Committee on Public Affairs, Information and People's Participation, Committee on Awards and Recognition. Karangalan ko pong mapaglingkuran kayong lahat sa pamamagitan ng mga naitalang tanggapan.

Ang inyo ring lingkod ang nag-akda ng pagtatatag ng Task Force Disiplina. Sa bisa ng ordinansang ito, nasa halos 150 city ordinance police o mas kilala sa tawag na 'disiplina enforcers' ang na-deputize upang maging katuwang ng pamahalaang lokal sa pagpapatupad ng ilang mga ordinansang ipinapasa ng konseho at hindi mawalan ng saysay ang mga naturang batas. *(Para sa karagdagang detalye at impormasyon tungkol sa Task Force Disiplina, pumunta sa pahina 31, Sari-Sari.)*

Isinusulong din po natin ang resolusyon hinggil sa mga programa ng Dep-Ed Alternative Learning System na humihingi ng tulong sa punong lungsod na mapalakas ang recruitment nito, makapagbigay ng tulong sa kanilang pag-aaral, gamit at uniporme.

May programa rin po tayo na feeding program na nakaugnay pa rin sa programa ni Mayor REX Gatchalian. Bukod dito ay may mga programa para sa personal na adbokasiya para sa kabataang Valenzuelano upang mailayo sa masamang bisyo, paglingap sa nakatatandang sektor, pantay na pagtingin sa lahat ng kasarian at magbigay inspirasyon kaugnay ng programa ng Culture and Arts.

# WINTayo sa Kongreso



**Congressman WIN Gatchalian**
*First District, Valenzuela City*

## Proyekto at adbokasiya

Dapat nakatanim sa isip ng lahat ng mga lingkod bayan o *public servant* ang diwa ng serbisyo sa komunidad. Ang kakayahang magdulot ng pagbabago ay abilidad ng isang mabuting tagapaglingkod. Para sa mga mambabatas, ito ay maisasagawa ng malawakan sa pamamagitan ng mga batas, mga panukala, at mga resolusyon. Sa lokal na antas, nagagawa namin ito sa pamamagitan ng aming mga proyekto.



Ang mga proyektong aming ipinaaabot sa mamamayan ay masusing binusisi upang maging epektibo sa mga nangangailangan bilang solusyon sa kanilang mga suliranin at hindi panandaliang pantapal lamang. Ang totoo ay naging pagsubok ang kakulangan ng pondo dahil sa isyu ng *pork barrel scam*, para sa mga mambabatas na ginagamit ang kanilang pondo para sa kapakanan ng kanilang nasasakupan, isang dagok ito.

Sa kabilang panig, ang balakid na ito ay nagbunga din ng maganda. Sabi nga, *necessity is the mother of invention*. Ang pangangailangan namin na maipagpatuloy ang mga serbisyong nasimulan, naghikayat sa aming maging mapamaraan at bumuo ng mga *collaboration* at mga *partnership* sa mga pambansang ahensya at mga pribadong organisasyon.

Sa ganitong paraan, maipapagpatuloy ang mga proyekto, mababawasan ang gastos; at may puwang para sa pagpapabuti at pagpapalitan ng mga ideya. Gaya ng ipinangako, patuloy pa rin ang ating serbisyo. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa proyekto natin upang isulong ang adbokasiya natin para sa mga Valenzuelano.





### Angat Kabuhayan

Ang proyektong ito ay isinasagawa sa pakikipagtulungan sa Department of Labor and Employment (DOLE). Layunin ng proyektong ito na himukin ang mga Valenzuelano sa paglikha ng mga maliliit na pangkabuhayan na kanilang pagkakakitaan. Ito ay para sa mga residente na mayroon nang maliit na negosyo. Ang mga napili ay sumasailalim sa *orientation* ng DOLE at district office bago ipagkaloob sa kanila ang mga hiniling nilang materyales at kagamitan para mapabuti ang kanilang pinagkakabuhayan.




### WINTayo Lingkod OFW

Ang helpdesk na ito para sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) at sa kanilang pamilya ang naging kasagutan para sa mga Valenzuelano na may mga hinaing o katanungan tungkol sa pangingibang bansa. Naka-base sa pagbibigay tulong, gumagana ito sa pamamagitan ng pag-rekomenda sa mga humihingi ng tulong sa tamang ahensya ng gobyerno at pagsama sa kanila sa pagproproseso ng papeles at dokumento.

Kasama din rito at isang Reintegration Program kung saan ang mga nagbalik na OFW na tapos na ang kontrata o hindi pinalad ay binibigyan ng seminar sa business counseling, business planning, managing family finances at financial literacy upang madali silang makapanumbalik sa kanilang buhay sa Pilipinas.

### Anti-Human Trafficking

Bukod sa mga nabanggit na programa para sa kalusugan, mayroon din tayong binalangkas na anti-human trafficking campaign. Ang nasabing proyekto ay naglalayon na tulungan at protektahan ang ating mga kababayan, lalo na ang mga kabataan at kababaihan, upang hindi maloko at mapagsamantalahan ng mga masasamang loob.

### Libreng Operasyon Para sa may Bingot at may Club foot

Dahil sa memorandum of understanding (MOU) sa pagitan ng opisina ng unang distrito at ng Philippine Band of Mercy (PBM), nabibigyan ang mga batang Valenzuelano na may cleft lip or cleft palate ng libreng surgery. Ang magkaparehong layunin ng PBM at district office and nagsilbing katalista upang patuloy na mabigyan ng tulong at ng mas magandang bukas ang mga batang nangangailangan.



Sa ngayon, 8 batang may clubfoot ang natulungan ng programa mula sa 8 humingi ng tulong sa tanggapan, kung susumahin isandaang porsyento ito. Sa mga batang may bingot naman ay 24 na ang aming napapangiti dahil sa tagumpay ng operasyong hatid ng programa mula sa 28 humingi ng tulong. Kasalukuyan na ring nasa proseso ang 4 pang natitira.

*Kung may nais man kayong idulog o isangguni, makipag-ugnayan sa aking tanggapan sa numerong 291-6895 o 352-0549 o sumadya sa 332 MacArthur Highway, Malinta, Valenzuela City.*
*Abangan din ang aking kolum sa Bulgar tabloid tuwing Lunes at Biyernes.*

WinTayo @WinTayo congwin@valenzuela.gov.ph www.wingatchalian.com

# Usapang Ligal

**Atty. Alan Roullo Yap**
*Hepe, City Legal Office*

## Walang panalo sa pekeng titulo

Marami pa rin sa ating mga kababayan ang bumibili ng lupa o karapatan sa lupa sa mga hindi lehitimong may-ari nito, kaya't sa kalaunan ay nababawi rin ito ng lehitimong may-ari. Kadalasan, ito ay humahantong pa sa asuntuhan.

Para hindi mabiktima ng mga manloloko, alamin muna kung sino ang tunay na may-ari ng lupa na gustong bilhin. Hingin ang titulo ng lupa at siyasatin sa Register of Deeds kung ito ay tunay na sipi at walang "encumbrance." Kung ang nagbebenta ay kinatawan ng tunay na may-ari, hanapan ito ng Special Power of Attorney (SPA) na nagsasaad na siya ay binigyan ng karapatan para ibenta ang nasabing lupa at tanggapin ang kabayaran nito. Kung ang nakapangalan sa titulo ay patay na, ang lupa ay mamanahin ng mga tagapagmana nito sang-ayon sa batas. Pwede rin nilang ibenta ito pagkatapos gawan ng mga angkop na papeles.

Sisiyasatin din sa opisina ng City Assessor/City Treasurer kung nababayaran ang buwis sa lupa at humingi ng Tax Clearance. Kung walang problema sa mga papeles at gusto nating bilhin ang lupa, yayain ang nagbebenta sa opisina ng tunay na abugado at notary publiko at magpagawa ng Kasulatan sa Pagbebenta ng Lupa at doon mismo magpirmahan sa harap ng notary publiko at dalawang testigo. Pagkatapos nito, bayaran agad ang Transfer Tax sa City Treasurer's Office at Capital Gains Tax at Documentary Stamp Tax sa Bureau of Internal Revenue (BIR). Dalhin ang mga papeles sa Register of Deeds para maisalin sa inyong pangalan ang titulo ng lupa na inyong nabili.

Mayroon ding bumibili ng lupa sa hindi lehitimong may-ari o "professional squatter" kahit alam nila ang katotohanan na ito. Sila ay handang magbakasakali. Ang katuwiran nila ay sa kaysa naman matulog sila sa kalye, mas mainam na bumili na lang ng "karapatan sa lupa" kahit kanino. Ang importante sa kanila ay may mapagtatayuan sila ng sariling bahay. Isa pa, mas mura raw bumili ng pekeng "karapatan sa lupa" kaysa mangupahan sila ng P2,500 hanggang P5,000 kada buwan. Ang problema dito, walang katiyakan kung hanggang kailan sila pwedeng umokupa sa nasabing lupa at sila ay nanganganib mapaalis anumang araw pagkatapos ng sapat na paunawa. Sayang lang ang gastos sa pagpapatayo ng bahay.

Kadalasan, may pera naman talaga ang mga nabibiktima ng kalakarang nabanggit. Kaya bumili na lang sila ng lupa sa ligal na pamamaraan para walang problema.

# Tinig Mamamayan

## Mga pinakamalalaking pagbabago sa lungsod

Pebrero 14, 1998 nang lagdaan at aprubahan ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ang Republic Act No. 8526, nagsasaad na ang Valenzuela ay maging isang lungsod mula sa pagiging isang munisipalidad. Ngayong nasa ika-16 na taon na ng siyudad, tinanong ng **Valenzuela Ngayon** ang taumbayan kung ano sa tingin nila ang pinakamalaking pagbabagong nagawa ng pamahalaang lungsod para sa Valenzuela City. Ito ang kanilang mga tinig na na kinalap sa social media:

***Xian Gonzales Atanacio:*** Noong nasa high school pa ako, 70 kami sa klasrum. Ngayon 45 na lang o 50 student per room. Kapag nagkasakit ka, ok na tayo sa manghihilot kasi mahal ang magpa-check up sa ospital pero ngayon libre na. Kapag bumaha sa amin, isang buwan bago mawala ang baha. Nilulumot na nga yung kalsada sa tagal ng tubig pero ngayon bumabaha pa rin naman pero humuhupa na kaagad. Dati yung basura binubulok muna bago at hinihintay pa na may magreklamo bago hakutin. Pero ngayon kakatukin ka pa sa bahay mo para kunin ang basura mo. Dati yung mga kalsada kahit saang lugar ka pumunta masisira yung gulong mo sa dami at lalim ng mga lubak sa dadaanan mo. Pero ngayon umikot ka sa buong Valenzuela makakauwi ka na hindi sira yung gulong mo. Dati kapag kukuha ka ng mga papeles sa city hall magdala ka ng extra damit kasi sa tagal at haba ng pila maliligo ka sa pawis. Pero ngayon magdala ka ng jacket baka kasi sipunin sa lamig ng aircon. Dati kapag hindi ka nakapagtapos, tapos na rin ang career mo. Pero ngayon may programang ibinibigay ang city hall kung gusto mong makapagtapos at magkaroon ng trabaho. Sa totoo lang kung my pagbabago mang nangyari sa Valenzuela bulag ka lang kung hindi mo nakikita o nagbubulagbulagan ka lang talaga.

***Mon Agustin:*** Dati kailangan namin lumabas ng Valenzuela upang manuod ng sine, magshopping at grocery, mamasyal at maghanap ng trabaho at pagkakakitaan. Ngayon hindi na namin kailangan lumayo o lumabas ng Valenzuela, nandito na lahat.

***Ralf Guillen Mallanao:*** Ang isa sa pinakamahirap at importanteng magawa at makuha ay yaong tiwala at simpatya ng mamamayan upang ang isang lingkod o gawain ay magpatuloy at may magandang kahihinatnan.

***Margie Pepito:*** In general, the greatest accomplishment we have here is good governance because we have good leaders.

***Pinky Dy Fernando:*** Bilang lehitimong taga Valenzuela nasaksihan ko ang makakalat na basura sa kalsada noong araw, halos lahat ng kanto makikitaan mo nito na nakasabog, bina-bangaw,inuuod o dinadaga. Subalit ngayon ikaw na mismo sa sarili mo ang mahihiyang magtapon ng balat ng kendi o upos ng sigarilyo dahil halos wala kang masilayang kalat sa kalsada. Isang pagbabago na talaga namang nakatulong sa kalinisan at kalusugan ng mga taga Valenzuela.

***Rose Myers:*** Ang higit na pinakikinabangan ko ay ang pagkakaroon ng pamantasan para sa mga gustong mag kolehiyo ngunit walang kakayahan ang mga magulang na mapag-aral sila.

***Shelley KX:*** As worker, saludo ako sa pagsisikap na ginawa ng city government na magkaroon ng industrial peace among management and labor sectors. From being the "labor strike capital" eh isa na po ang Valenzuela sa nirerecognize ng DOLE na katuwang sa pagsasaayos ng mga gusot.

***Diamond Aguilar Chavez:*** Naging aktibo sa pag-abot sa maraming kabataan na nabibilang sa ibat-ibang organisasyon. Mas napapalawak nito na magkaroon ng bahagi ang bawat kabataan sa kani-kanilang komunidad na nasasakupan.

***Amherstia Agraan-Quiocho:*** Kapag may reklamo, pwede kang mag-email. Iniimplement ang law talaga. Kapag bawal, bawal. Kapag pwede, pwede.

***Rose Anne Montanez:*** Bawat Velenzuelano ay may pagkakataon na maramdaman na sila ay bahagi ng lungsod na ito.

***Khay Hagad:*** Pinakamalaking pagbabagong aking nasaksihan sa lungsod ng Valenzuela ay ang pagsasa-ayos nang mga pampublikong paaralan.

***Julio Pongpong:*** Nawala yung dating chismisan ng mga empleyado sa loob ng city hall while yung mga tao sobrang haba at inip na sa paghintay ng dokumentong kailangan nila as I expereinced it before. Nawala yung mga dating basurang pakalat kalat sa daan dati. Sa northern Metro Manila talagang mataas ang tingin ng mga taong taga Calo-ocan, Malabon at Navotas sa laki ng pinagbago at ikinaunlad ng ating lungsod base sa mga kakilala ko sa mga nasabing lugar. Tumaas ang singil ng buwis dahil na rin sa nakikita ng tao kung saan napupunta ang buwis nila. Hiling ko lang sana ituloy nang itayo ang isang "technohub" dito sa atin para sa dagdag trabaho ng mga Valenzuelano!!

# Boses Ninyo sa Kongreso



***Congressman WES Gatchalian***
*Alay Buhay Partylist*

## Mga panukala at serbisyong da best

Ngayon po, ako ay nasa ikalawang termino bilang kinatawan ng Alay Buhay Partylist. Bagamat naantala ang aking proklamasyon noong unang termino ng dalawang taon, hindi naging dahilan ang maliit na panahon na natira upang aking mabigay ang tunay at lubos na serbisyo sa inyo.

At kung tayo ay naghintay ng dalawang taon para maproklama sa aking unang termino, ang lahat ay nabago sa 2013 na halalan dahil sa ang ating partylist ay isa sa mga nanguna sa partylist election at agad naman na naiproklama ng Comelec. Salamat po sa inyong tiwala sa ating Alay Buhay Partylist.

Sa pagbubukas ng ika-16 na kongreso noong Hulyo 2013, tinanggap ko ang bagong hamon sa paniwala na ang inyong tiwala ay magbunga ng aking taos pusong serbisyo sa inyong lahat.



### Tungkulin sa Kongreso

Bilang inyong kinatawan, dala sa isipang ang hangarin na lubos na makapaglingkod, ako po ay nahirang bilang vice chairman ng Committee on Overseas Workers Affairs at member ng apat pang mahahalagang kumite ng kongreso: Cooperatives, Economic Affairs, Small Business and Entrepreneurship Development; at Population and Family Relations.

Sa unang regular na sesyon ng inyong kamara, ikinagagalak po ng inyong lingkod na ibahagi sa inyo ang ilan sa aking mga isinumiteng panukalang batas, sa paniwala na ito ay maka-ambag tungo sa ikakaunlad ng ating bayan:

HB02535: AN ACT PROVIDING CONSUMERS AND MERCHANTS PROTECTION ON ONLINE COMMERCE AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATION THEREOF.
Ang layunin ng panukalang ito ay upang mabigyan ng proteksyon ang lahat na mamimili at mga maliliit na negosyo na ginigamit ang Internet upang ikalakal ang kanilang mga produkto tulad ng pag-alis o pagsa-ayos ng mga "hidden transaction cost, delivery problems, problema sa delivery ng produkto, pagkansela ng order, refund ng kabayaran at higit sa lahat ay ang proteksyon tungkol sa ating credit cards."

HB02741: AN ACT PROVIDING PROTECTION TO COOPERATIVE DEPOSITORS AND ESTABLISHING THE PHILIPPINE COOPERATIVE INSURANCE CORPORATION, DEFINING ITS POWERS AND FUNCTION, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR, AND FOR OTHER PURPOSES.
Layunin nito na bigyang proteksyon ang lahat na kasapi ng ating mga kooperatiba tungkol sa kanilang mga deposito sa mga kooperatiba na dapat ay bigyan ng garantiya ng ating pamahalaan sa pagtatatag ng Philippine Cooperative Insurance Corporation. Tulad ng mga despositor ng ating mga bangko, ang deposito sa kooperatiba ay dapat insured din. At sa paraang ito ang inyong lingkod ay naniniwala na ating mapapatatag ang mga kooperatiba dahil sa tiwala sa kanilang negosyo.

HB03351: AN ACT INSTITUTING A NATIONAL DISASTER REHABILITATION PROGRAM AND ESTABLISHING THE PHILIPPINE DISASTER REHABILITATION COMMISSION AND FOR OTHER PURPOSES.
Sa paniwala na ang ating bayan ay malimit daanan ng mga natural na sakuna tulad ng mga malalakas na bagyo, lindol, rumaragasang daluyong (storm surge) na nagdulot ng malalaking pinsala sa ating bayan, ang inyong lingkod ay naghain ng panukalang batas na magkaroon ng isang permanenteng tanggapan upang tumugon sa anumang mga pangangailangan (bukod sa relief operation) para maipanumbalik ang mga istruktura na nasira ng malalaking sakuna. Ang panukalang ito ay isang post disaster and rehabilitation na opisina.

HB03878: AN ACT CREATING E-COMMERCE BUREAU, PROVIDING FUNDS THEREFOR, AND FOR OTHER PURPOSES.
Ito po ay panukala tungkol sa isang tanggapan ng ating pamahalaan na may layunin na bigyan ng pansin ang lahat ng gawain patungkol sa ating ekonomiya gamit ang modernong electronic commerce para mas lalong mapaunlad ang industriya.



### Iba pang panukalang batas

Bukod pa po sa mga nabanggit, ako rin po ay ka-may akda ng 22 iba pang mga panukalang batas na patungkol sa mga sumusunod na isyu: Education, Energy Conservation, Health Consciousness, Investment Code, Magna Carta for Filipino Seafarers, Micro-Finance Program, National Culture, National Land Use, Overseas Filipino Workers, Poverty Alleviation, at Salary Increase.





### Labor migration, tinalakay ng Asean

Bilang pangalawang tagapangulo ng Committee on Overseas Welfare Administration, ang inyong lingkod po ay naatasan ng liderato ng kongreso para dumalo at kumatawan sa Kongreso ng Pilipinas sa isang pagpupulong ng Asean Inter-parliamentary Caucus on Labor Migration na ginananap sa Bangkok, Thailand noong Nobyembre 2013.
Ang pagpupulong na ito ay dinaluhan ng mga delegadong mambabatas ng 13 bansa sa Asya. Sa parliamentary caucus na ito ay akin namang tinalakay ang mga balakin ng ating bansa upang proteksyunan ang mga manggagawa. Akin din pong ibinahagi ang ulat tungkol sa isyu ng "sex for flight" na iniimbistigahan ng aming komite at ang "Saudization" policy ng Kingdom of Saudi Arabia, kung saan planong mas bigyan ng prayoridad na makakuha ng trabaho ang mga taal na mamamayan ng nasabing bansa.



Bukod po sa mga batas at gawain sa loob ng ating kongreso, akin din pong ginagampanan ang tunay na pagkalinga sa taumbayan tulad ng serbisyo medical, livelihood trainings, scholarships, relief operations at maging sa paglalaan ng pondo para sa mga sasakyang pambayan at multi-purpose covered courts sa iba't-ibang pamayanan.



Muli po ay ang aking taos pusong pasasalamat sa inyong suporta at umasa po kayo na hindi ko kayo bibiguin at naway mabigyan kayo ng SERBISYONG DA BEST.

# Ang Taumbayan

***Alden Jerome C. Mamaril***

Halos araw-araw, sa pagbukas ko ng social media account ko, tila yata sa kada tatlong post, isa rito ang selfie. Nag-iiba-iba rin ang dami ng selfie sa isang post. Minsan isang larawan lang, minsan isang album.

Kamakailan lang, isang makabasag-record na selfie ang ginawa ni Ellen Degeneres sa Oscar Awards noong unang araw ng Marso kung saan nagpakuha siya ng litrato kasama ang ilan sa mga sikat na celebrity sa Hollywood, kasama sina Meryl Streep, Brad Pitt, Angelina Jolie, at Bradley Cooper na siyang kumuha ng larawan.

Taong 1873 pa raw noong unang magsimula ang mga selfie (Take note, daguerreotype na mga camera ang gamit nun. Yung malaking camera ba). Hindi lang agad nauso kasi mahal ang camera noon. Pero noon yun.

Mula nang mauso ang mga digital camera at social media, doon lumobo ang pagdami ng mga selfie sa World Wide Web. Lalo itong dumami nang naging bahagi ng cellphone ang camera. Sa dami ng mga larawang ito, may mga nausong website at mga application na ginagamit para magpaganda ng mga selfie o kaya ay paglagyan ng mga ito para makita ng kanilang mga kaibigan.

Dahil nga hindi ako masyadong masunurin sa uso, sinubok kong magtanong ng ilang mga estudyante ko sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) kung bakit hindi mapigilan ang pagse-selfie na minsan pa nga'y ginagawa ultimo sa banyo. Ayon sa aking dagliang pananaliksik, lumalabas na pangangailangan sa tinatawag na self-confidence ang dahilan ng nakararami sa mga nagsisagot. Marami kasi ang hindi makapaglabas ng sarili nilang mga kulay sa totoong buhay dahil marahil sa paghusga ng mga tao. Gayunman, kabalintunaan nito ang nangyayari sa ilang selfie na napopost sa social media sites gaya ng Facebook, Instagram at Twitter. Ito ay dahil liban sa pag-iwan ng komento, maaari lamang i-like ang larawan.




## Selfie-sh

**"Ang pagse-selfie ay nagsisilbing salamin upang makita ang ganda sa sarili at minsan, makita ang mga bagay na dapat limutin."**

Positibo ang ginagawang pananaw nito sa isang tao, lalo na kung ang mga iniiwang komento ay "Ang ganda mo talaga" (Madalas kasing mga babae ang nagsisagot ng mini-survey ko).
Pangalawa ay ang pagpapahayag ng sarili. Nakikita nila na mas nagagawa nilang ipakilala ang sarili nila sa iba't ibang mga pose o di kaya'y nakatutuwang mga pagmanipula sa kanilang mukha. Dahil dito, naipapakita nila ang minsa'y kakatwang bahagi ng kanilang pagkatao, bagay na bandang huli'y pagsisisihan nila dahil sa mga kaibigan nilang magpo-post nito muli. Sa anong rason?

Ang rason ay ang huli kong punto, nagse-selfie sila dahil sa nostalgia na nililikha ng mga larawan. Madalas kasi na ang mga larawan, kahit mga selfie ay nakapagpaalala sa isang tao ng nakaraan. Sabi nga ng isa sa mga estudyante ko, kapag nakikita niya ang dati niyang selfie, naaalala niya kung paano niya sabihin sa sarili niyang, "Ang ganda ko!" pagkakuha ng larawan, pero kapag nahahalungkat ng iba matapos ng dalawang taon, ikinahihiya niya ang selfie dahil ang "pangit" niya dito.

Anuman ang rason para sa selfie, ito ay lumalabas na isang diversion ng isang tao mula sa isang mundong masyadong maraming kumplikasyon at paghuhusga. Ang pagse-selfie ay nagsisilbing salamin ng bawat gumagamit ng social media upang makita nila ang ganda sa sarili nila at minsan, makita ang mga bagay na dapat limutin nila sa kanilang mga sarili, nang sa gayon, mula sa mga isang mundo na minsa'y malupit, nagkakaroon sila ng rason upang ngumiti.

---

*Si Alden Jerome C. Mamaril ay isang guro ng Ingles at Panitikan sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela. Nagtapos siya ng Batsilyer ng Artes sa Linggwistiks mula sa Unibersidad ng Pilipinas at kasalukuyang tinatapos ang Masterado ng Artes sa kaparehong kurso. Siya rin ay isang manunula, tagapagsalita sa mga seminar, pet lover, at mang-aawit.*
















*Tayo na , Valenzuela!*

**CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA**
MacArthur Highway, Barangay Karuhatan,
Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440
[632] 352.1000 [632] 292.0211

valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity